## <u>EKSIBIT A</u> SA RESOLUSYON BLG. 80573 NG LUNSOD NG SAN JOSE

Na ipinagtitibay ng mga mamamayan ng Lunsod ng San José ang mga sumusunod na susog sa Saligang Batas ng Lunsod:

<u>Seksyon 1.</u> Na amyendahan ang Seksyon 404 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 404. Pagiging Kuwalipikado.**

Hindi magiging karapat-dapat ang isang tao na tumanggap ng katungkulan bilang miyembro ng Konseho, kasama na ang Alkalde, maliban kung natutugunan ng tao ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

(a) Ang tao ay kailangang mamamayan ng Estados Unidos sa loob ng kahit isang taon agad bago magsimula ang termino kung kailan hinirang ang tao o ang petsa kung kailan hinirang ang tao.

(b) Ang tao ay kailangang residente ng Lunsod ng San José at, maliban sa Alkalde, ng Distritong kinakatawan ng tao bilang isang miyembro, sa loob ng kahit tatlumpung (30) araw agad bago magsimula ang huling araw na tinukoy ng batas para sa paghahain ng mga papel ng nominasyon sa Klerk ng Lunsod para sa naturang katungkulan o, kung hinirang, bago ang petsa ng paghirang sa tao upang punang ang bakanteng posisyon.

(c) Kung inihalal sa katungkulan sa Regular na Halalang Munisipal, ang tao ay kailangang rehistradong manghahalal ng Lunsod ng San José sa huling araw na tinukoy ng batas para sa paghahain ng mga papel ng nominasyon sa Klerk ng Lunsod para sa naturang katungkulan.

(d) Kung hinirang sa naturang katungkulan, ang tao ay kailangang rehistradong manghahalal ng Lunsod ng San José sa oras ng paghirang sa tao.

Hindi magiging karapat-dapat ang isang tao na maging isang kandidato sa anumang halalan para sa anumang katungkulan sa Konseho, kung hindi magiging karapat-dapat ang tao sa ilalim ng mga tadhana sa itaas ng Seksyong ito na tumanggap ng katungkulan kung mahalal. Dapat magsagawa ng anumang pagpapasya kung natugunan ba ng isang tao o hindi ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa panahon kung kailan inihain ang mga papel ng nominasyon at sa panahon ng pagtanggap ng katungkulan.

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Ang nanunungkulan ay dapat, sa lahat ng panahon, sa takdang panahon ng panunugkulan ay patuloy na maging:

(a) isang mamamayan ng Estados Unidos;

(b) isang residente ng Lunsod ng San José at, maliban na lang kung nakasaad sa Seksyon 403, ng Distritong kinakatawan ~~niya~~ nila;at

(c) isang nakarehistrong manghahalal ng Lunsod

Seksyon 2. Na amyendahan ang Seksyon 405 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 405. Hukom ng Mga Kuwalipikasyon.**

Ang Konseho ang magiging hukom ng halalan at kuwalipikasyon ng mga miyembro nito, kabilang ang Alkalde, at ng sinupamang ibang inihalal na opisyal, at ang mga batayan para sa pag-aalis o pagkawala ng kani-kanilang mga katungkulan, at para sa layuning iyon ay dapat magkaroon ng kapangyarihan i-subpoena ang mga saksi, pangasiwaan ang mga panunumpa at iatas ang paglalabas ng ebidensya. Ang isang miyembro, o ang Alkalde, o ang may hawak ng anupamang inihalal na katungkulan, na sinampahan ng maling pag-aasal na magiging batayan para sa pag-aalis o pagkawala ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan ay dapat bigyan, kung hihilingin ~~niya~~ nila, ng pagkakataong mapakinggan ang ~~kaniyang~~ kanilang depensa sa isang pampublikong pagdinig pagkatapos ng makatwirang paunawa sa mga naturang miyembro.

Seksyon 3. Na amyendahan ang Seksyon 406 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 406. Paghawak ng Iba Pang Katungkulan.**

Maliban kung inaawtorisa ng Saligang-batas na ito, walang miyembro ng Konseho ang dapat humawak ng anupamang katungkulan sa Lunsod o trabaho sa Lunsod, maliban sa Alkalde, sa takdang panahon kung kailan naihalal ~~siya~~ sila sa Konseho; sa kundsyong maliban sa, na ang isang miyembro ng Konseho ay maaaring maging miyembro ng anumang pangkat sa pagpapayo, pangangasiwa o pamamahala ng anumang distrito, entidad, organisasyon o komite ng espesyal na layunin kapag inaawtorisa iyon ng Batas ng estado o kung saan magkatugma ang mga katungkulan.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Seksyon 4. Na amyendahan ang Seksyon 407 ng Saligang Batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 407. Ang Konseho; Suweldo.**

Ang bawat miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, ay dapat bayaran ng suweldo para sa ~~kaniyang~~ kanilang mga serbisyo bilang miyembro ng Konseho, na dapat itakda alinsunod sa mga tadhanang itatakda rito sa Seksyong ito. Walang suweldong itatakda para sa sinumang miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, maliban na lang kung nakasaad sa Seksyong ito.

(a) Sa pagitan ng Marso 1 at Abril 30 na magsisimula sa 2019, at kada limang (5) taon pagkatapos nito, dapat itakda ng Komisyon sa Pagtatakda ng Suweldo ang halaga ng pinakamababang suweldo na itinuturing nito na naaangkop para sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, na magsisimula sa Hulyo 1 ng taong iyon. Hindi magbabago ang halagang nakatakda para sa bawat miyembro ng Konseho ngunit maaaring lumagpas sa halaga ng suweldo ng iba pang miyembro ng Konseho ang halagang nakatakda para sa Alkalde. Ang halaga ng pinakamababang suweldo ay isasaalang-alang ang full time na katangian ng katungkulan na tugma sa mga suweldo na dating ibinabayad para sa iba pang pampubliko at pribadong posisyon na may katulad na full time na mga tungkulin, responsibilidad, at obligasyon.

Walang gagawing pagtukoy ng mga halaga ng pinakamababang suweldo maliban na lang kung mayroong pagboto ng oo mula sa tatlong (3) miyembro ng Komisyon. Kapag hindi nakagawa ang Komisyon ng pagtukoy ng mga halaga ng suweldo sa anumang taon sa loob ng itinakdang oras, ituturing itong walang pagbabagong gagawin sa pinakamababang suweldo.

(b) Ang pagtukoy ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo sa pinakamabababang suweldo ng Alkalde at Konseho, kasama ang mga dahilan nito ay dapat ilagay sa kasulatan at isumite sa Tagapamahala ng Lunsod na hindi lalampas sa Mayo 1, nang sa gayon ay mabadyet at maiangkop ang mga pondo para sa layuning iyon. Bago ito magsumite sa Tagapamahala ng Lunsod ng anumang naturang pagtukoy, dapat magsagawa ang Komisyon ng kahit isa lang na pampublikong pagdinig tungkol sa usapin. Kapag ang isang naturang pagtukoy ay naipasa sa Tagapamahala ng Lunsod, hindi ito maaaring baguhin ng Komisyon pagkatapos.

(c) Simula sa Hulyo 1, 2020, at taun-taon pagkatapos nito sa mga taon

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

kung hindi nakapagtakda ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng pinakamababang suweldo, sa ilalim ng Seksyon 407(a), upang makapagkaloob ng pag-aakma sa halaga ng pamumuhay, ang pinakamababang suweldo ng Konseho at Alkalde ay tataas ng isang porsiyento na katumbas ng porsiyentong itataas ng nakalipas na taunang average sa taon sa kalendaryo ng Indise ng Presyo ng Mamimili-Urban (CPI-U) o ayon sa indise ng kasunod nito, para sa San Francisco-Oakland-Hayward gaya ng tinutukoy ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa. Hindi kailanman lalampas ang CPI-U na suweldo nang 5% kada taon.

(d) Anumang oras, maaaring bawasan ng Konseho, ayon sa ordinansa, ang mga suweldo ng miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde. Sa anumang ipinagtibay ritong ordinansa sa pagbabawas ng suweldo, hindi magbabago ang mga suweldo ng bawat miyembro ng Konseho, ngunit maaaring lumagpas ang suweldo ng Alkaldo sa suweldo ng iba pang miyembro ng Konseho.

(e) Para sa bawat miyembro ng Konseho, maliban na lang sa Alkalde, ang isang kabuuan, gaya ng ipinatupad ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo, ay ibabawas mula sa suweldo ng naturang miyembro para sa bawat karaniwang pulong ng Konseho, maliban sa regular na natapos na mga pulong, kung saan ~~siya~~ sila ay hindi makakadalo sa bawat naturang buwan ng kalendaryo, sa kundisyong ang naturang pagbabawas ay hindi gagawin dahil sa hindi ~~niya~~ nila pagdalo sa anumang pulong sa panahong nasa awtorisadong gawain ng lunsod ~~siya~~ sila, o sa pulong na ~~siya~~ sila ay lumiban dahil sa sakit ~~niya~~ nila o pagkakaroon ng sakit o pagkamatay ng miyembro ng pamilya. Walang ibabawas sa Suweldo ng Alkalde dahil sa hindi ~~niya~~ nila pagdalo sa anumang pulong ng Konseho.

Seksyon 5. Na amyendahan ang Seksyon 409 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 409. Kapag Nabakante ang Katungkulan.**

Mababakante ang katungkulan ng isang miyembro ng Konseho o ng Alkalde kapag mangyayari ang alinman sa mga sumusunod na kaganapan bago matapos ang termino ng naturang opisyal:

(a) Ang pagkamatay ng nanunungkulan;

(b) Pagkabaliw ng nanunungkulan, kapag natukoy ayon sa panghuling

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

pagpapasiya o panghuling utos ng isang hukuman na may angkop na hurisdiksiyon ;

(c) Pag-alis sa trabaho ng nanunungkulan;

(d) Hindi na natutugunan ng nanunungkulan ang anumang kinakailangan para sa pagpapanatili ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan na itinakda sa Saligang-batas na ito;

(e) Pag-aalis ng nanunungkulan mula sa katungkulan;

(f) Pagliban ng nanunungkulan mula sa Estado ng California sa loob ng mahigit sa animnapung (60) araw, maliban kung dahil sa transaksyong nauugnay sa Lunsod o nang may pahintulot ng Konseho. Sa sitwasyon ng pagkakaroon ng sakit o iba pang agarang pangangailangan, at kung mayroon siyang wastong pagpapakita, dapat palawigin ng Konseho ang oras na nililimitahan para sa pagliban mula sa Estado;

(g) Hindi na nagagawa ng nanunungkulan ang mga tungkulin ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan sa loob ng tatlong (3) magkakasunod na buwan maliban kung nahahadlangan ng sakit o kapag lumiban sa Estado nang may pahintulot na kinakailangan ayon sa Saligang-batas na ito;

(h) Ang nanunungkulan ay pinatawan ng mabigat na kasalanan o ng anumang opensang kinasasangkutan ng paglabag sa ~~kaniyang~~ kanilang mga opisyal na tungkulin;

(i) Ang pagtanggi o kapabayaan ng nanunungkulan na ihain ang ~~kaniyang~~ kanilang opisyal na panunumpa o bono, kung kinakailangan iyon ng batas, sa loob ng panahong sinasabi sa batas;

(j) Ang pagpapasiya ng angkop na tribunal na nagdedeklarang walang bisa ang paghalal o paghirang sa nanunungkulan;

(k) Ang paggawa ng utos na bakantehin ang katungkulan ng nanunungkulan o pagdedeklarang bakante ang ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan kapag ~~siya~~ ang nanunungkulan ay hindi nakapagbigay ng karagdagan o pandagdag na bono kung kinakailangan ang ganoon sa ~~kaniya~~ ang nanunungkulan ayon sa batas;

(l) Ang pagpasok sa nanunungkulan sa isang ospital o sanitarium, ng isang hukuman na may angkop na hurisdiksiyon, bilang adik sa droga, dipsomaniac, lasinggero, o adik sa stimulant; ngunit sa

naturang kaganapan hindi dapat ituring na bakante ang katungkulan hanggang sa maisapinal ang utos ng pagpasok;

(m) Ang pagliban ng nanunungkulan sa limang (5) magkakasunod na regular na pulong ng Konseho, maliban kung may dahilang katanggap-tanggap ayon sa nakasulat na resolusyon ng Konseho. Hindi dapat ilapat nang retroaktibo ang naturang dahilan katanggap-tanggap. Walang resolusyong magbibigay ng dahilang katanggap-tanggap para sa pagliban ng nanunungkulan mula sa mahigit sa limang (5) magkakasunod na regular na pulong kaagad kasunod ng petsa ng pagpapatibay ng naturang resolusyon, bagama't maaaring magpatibay ng mga karagdagang resolusyon na magbibigay ng dahilang katanggap-tanggap para sa pagliban ng nanunungkulan mula sa hindi hihigit sa limang (5) karagdagang regular na pulong kaagad kasunod ng petsa ng bawat naturang resolusyon. Para sa mga layunin ng subseksyong ito, ang mga regular na pulong kung saan lumiban ang isang nanunungkulan ay hindi dapat ituring na magkakasunod kung pinaghihiwalay ng isa o higit pang regular na pulong kung saan nandoon ang naturang nanunungkulan o ang ~~kaniyang~~ kanilang pagliban ay may dahilang katanggap-tanggap ayon sa Konseho. Gayundin, para sa mga layunin ng subseksyong ito, ang "mga regular na pulong" ay hindi dapat ituring na o isama ang "mga regular na natapos na pulong", "mga espesyal na pulong", o anumang pulong ng komite.

Seksyon 6. Na amyendahan ang Seksyon 411 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 411. Ang Konseho; Pakikialam sa Mga Administratibong Usapin.**

Hindi dapat makialam ang Konseho o ang sinuman sa mga miyembro nito o ang Alkalde sa pagpapatupad ng Tagapamahala ng Lunsod ng ~~kaniyang~~ kanilang mga kapangyarihan at tungkulin, o sa anumang paraan ay diktahan ang paghirang o pag-aalis ng sinumang opisyal o empleyado ng Lunsod kung saan may kapangyarihan ang Tagapamahala ng Lunsod na hirangin maliban kung hayagang nakasaad sa Seksyon 411.1. Gayunpaman, maaaring ipahayag ng Konseho ang mga pananaw nito at ganap at malayang talakayin sa Tagapamahala ng Lunsod ang anumang bagay na patungkol sa paghirang at pag-aalis ng mga naturang opisyal at empleyado.

Maliban para sa mga layunin ng pagtatanong at pagsisiyasat sa ilalim ng Seksyon 416, ang Konseho, mga miyembro nito at ang Alkalde ay dapat makipag-ugnayan sa mga opisyal at empleyado ng Lunsod na napapailalim sa pangangasiwa at

pagsubaybay ng Tagapamahala ng Lunsod, Abugado/Abugada ng Lunsod, Tagasuri ng Lunsod, Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya o Klerk ng Lunsod, sa pamamagitan lang ng Tagapamahala ng Lunsod, Abugado/Abugada ng Lunsod, Tagasuri ng Lunsod, Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya o Klerk ng Lunsod, ayon sa pagkakasunod-sunod, at wala sa Konseho o ang mga miyembro nito o Alkalde ang dapat na magbigay ng mga utos sa sinumang mas mababang opisyal o empleyado, sa publiko man o pribado.

Seksyon 7. Na amyendahan ang Seksyon 502 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 502. Ang Alkalde; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.**

Dapat magkaroon ang Alkalde ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Dapat magkaroon ang Alkalde ng kapangyarihang gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho tungkol sa mga usapin ng patakaran at programa na nangangailangan ng pagpapasiya ng Konseho.

(b) Hindi bababa sa isang beses taun-taun, dapat magtalumpati ang Alkalde sa mga mamamayan ng Lunsod tungkol sa kasalukuyang katayuan ng mga gawaing Panlunsod at ipaliwanag ang mga plano sa patakaran na iminumungkahi ng Alkalde para sa Lunsod sa susunod na taon.

(c) Bilang karagdagan, maaaring ipaalam ng Alkalde, sa ibang panahon sa loon ng taon, sa mga mamamayan ang tungkol sa anumang usapin sa patakaran o programa na pinaniniwalaan ng Alkalde na para sa kapakanan ng komunidad.

(d) Kung magrerekomenda ang Alkalde ng anumang pagtataas sa badyet ng Lunsod, dapat irekomenda ng Alkalde ang paraan ng pagtustos sa mga naturang paggastos. Kung imumungkahi ng Alkalde ang pagbawas sa anumang serbisyo, dapat magbigay ang Alkalde ng mga ispesipikong rekomendasyon at ang mga dahilan para sa mungkahi.

(e) Dapat mamahala ang Alkalde sa mga pulong ng Konseho at dapat bumoto bilang isang miyembro ng Konseho. Dapat ay walang kapangyarihang tumanggi ang Alkalde;

(f) Dapat ay may awtoridad ang Alkalde na panatilihin ang kaayusan sa lahat ng pulong ng Konseho, na alisin o ipag-utos ang pag-aalis ng sinumang tao mula sa anumang pulong ng Konseho dahil sa hindi

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

magandang asal, upang ipatupad ang mga panuntunan ng Konseho at upang tukuyin ang paksang pag-uusapan sa ilalim ng mga panuntunan ng Konseho;

(g) Dapat ay may kapangyarihan ang Alkalde na pangasiwaan at subaybayan ang Opisina ng Pampublikong Impormasyon ng Lunsod.

(h) Dapat gamitin ng Alkalde ang mga naturang iba pang kapangyarihan at isakatuparan ang mga naturang iba pang tungkulin ayon sa maaaring sinasabi ng Konseho, basta't hindi salungat ang mga iyon sa Saligang-batas na ito.

Walang anuman sa Seksyong ito ang dapat na ituring sa anumang paraan bilang paglabag o paglimita sa mga kapangyarihan at tungkulin ng Tagapamahala ng Lunsod bilang Punong Opisyal na Pampangasiwaan at pinuno ng sangay ng pangasiwaan ng pamahalaan ng Lunsod ayon sa sinasabi sa iba pang seksyon ng Saligang-batas na ito. Maliban na lang kung hindi ito nakasaad sa Saligang-batas na ito, ang Alkalde ay magtataglay lang ng naturang awtoridad sa Tagapamahala ng Lunsod at sa sangay ng pangasiwaan ayon sa hawak ~~niya~~ nila bilang isang miyembro ng Konseho.

Seksyon 8. Na amyendahan ang Seksyon 503 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 503. Bise Alkalde.**

Sa pangalawang pulong ng Konseho kasunod ng pagtatapos ng bawat taong may pares na bilang kung saan iniaatas na magsagawa ng Regular na Halalang Munisipal, dapat maghalal ang Konseho ng isa sa mga miyembro nito bilang Bise-Alkalde na dapat ay, hanggang sa makapaghirang ng taong papalit sa ~~kaniya~~ kanila, o hanggang sa mabakante ang kanilang katungkulan, dapat magsilbi bilang Bise-Alkalde sa panahon ng pansamantalang pagliban o kawalan ng kakayahan ng Alkalde na gawin ang mga tungkulin ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan.

Sa sitwasyon ng pansamantalang pagliban o pagkakaroon ng kapansanan ng Alkalde at Bise-Alkalde, dapat maghalal ang Konseho ng isa sa mga miyembro nito na kikilos bilang Pansamantalang Alkalde.

Seksyon 9. Na amyendahan ang Seksyon 608 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

**SEKSYON 608. Pagkakapantay Batay sa Lahi at Katayuan sa Lipunan.**

Dapat magpatibay at magpanatili ang Alkalde at Konseho ng Lunsod ng isang pahayag ng mga pinahahalagahan, ayon sa inaawtorisa ng batas, na nagsusulong ng panlahi at panlipunang pagkakapantay, pagsasama, at panlahi at panlipunang katarungan na dapat magbigay ng gabya sa mga opisyal at empleyado ng Lunsod sa kanilang asal habang ginagawa ang kanilang mga responsibilidad sa publiko, kabilang ang pagpapaunlad at pagsasakatuparan ng mga pasiya, patakaran, badyet, programa, at kasanayan ng Lunsod ng San José.

Seksyon 10. Na amyendahan ang Seksyon 701 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 701. Tagapamahala ng Lunsod; Mga Kapangyarihan at Tungkulin.**

Ang Tagapamahala ng Lunsod ang magiging Punong Opisyal na Pampangasiwaan ng Lunsod. ~~Siya~~ Sila ang magiging responsable sa Konseho para sa pangangasiwa ng mga gawaing Panlunsod na inilagay sa pagsubaybay ~~niya~~ nila ng o sa ilalim ng Saligang-batas na ito. Habang hindi nililimitahan ang nabanggit na pangkalahatang pagbibigay ng mga kapangyarihan, mga responsibilidad at tungkulin, dapat magkaroon ang Tagapamahala ng Lunsod ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Sa ilalim ng mga tadhana ng Serbisyong Sibil ng Saligang-batas na ito at ng anumang Panuntunan sa Serbisyong Sibil na pinagtibay alinsunod rito, at maliban na lang kung hindi ito nakasaad sa ibang parte ng Saligang-batas na ito, maghihirang ang Tagapamahala ng Lunsod ng lahat ng opisyal at empleyado ng Lunsod; at, kapag sa tingin ~~niya~~ nila na kinakailangan ito para sa ikakabuti ng serbisyo, magagawa ng Tagapamahala ng Lunsod, sa ilalim ng mga limitasyong binanggit sa itaas, na suspindihin nang walang bayad, i-demote, i-discharge, alisin o disiplinahin ang sinumang opisyal o empleyado ng Lunsod na sa ilalim ng Saligang-batas na ito ay hinirang ng Tagapamahala ng Lunsod;

(b) Maliban na lang kung may ibang itinakda sa ibang parte ng Saligang-batas na ito, dapat pangasiwaan at subaybayan ng Tagapamahala ng Lunsod ang pangangasiwa sa lahat ng kagawaran, opisina at ahensya ng Lunsod;

(c) Dapat magkaroon ng karapatan ang Tagapamahala ng Lunsod na dumalo sa lahat ng pulong ng Konseho, maliban sa mga saradong sesyon ng tagapagpaganap kung saan ang Tagapamahala ng

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Lunsod o isa pang hinirang ng Konseho ay ang paksa ng talakayan, at na makilahok sa mga talakayan nito, ngunit hindi boboto. Dapat dumalo ang Tagapamahala ng Lunsod sa lahat ng regular at espesyal na pulong ng Konseho maliban kung hinahadlangan ng sakit o kawalan ng kakayahan ng katawan o maliban kung inaawtorisa ng Konseho ang ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> pagliban;

(d) Ang Tagapamahala ng Lunsod ang magiging responsable para sa matapat na pagpapatupad ng lahat ng batas, tadhana ng Saligang-batas na ito, at mga pagkilos ng Konseho na napapailalim sa pagpapatupad ng Tagapamahala ng Lunsod o ng mga opisyal na nasa pangangasiwa at pagsubaybay ng Tagapamahala ng Lunsod;

(e) Dapat ihanda at isumite ng Tagapamahala ng Lunsod ang taunang badyet sa Konseho alisunod sa mga tadhana ng Seksyon 1204.

(f) Dapat magsumite ang Tagapamahala ng Lunsod ng isang kumpletong ulat sa mga pananalapi at aktibidad sa pangasiwaan ng Lunsod sa pagtatapos ng nakalipas na taon ng pananalapi sa Konseho sa isang pampublikong pulong na gaganapin sa loob ng tatlong (3) buwan sa kalendaryo kasunod ng pagsasara ng bawat nakalipas na taon ng pananalapi. Ang taunang ulat, na dapat personal na sertipikahan ng Tagapamahala ng Lunsod na tumpak at kumpleto ay dapat maglaman ng pahayag na nagpapahiwatig na:

(1) Kung aktuwal bang natanggap ang mga kitang nakabadyet para sa nakalipas na taon ng pananalapi, at isang paliwanag tungkol sa anumang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga kabuuang kitang nakabadyet at ang mga kitang aktuwal na natanggap;

(2) Ang saklaw kung saan aktuwal na naipon ang mga nakabadyet na gastusin, at isang paliwanag para sa anumang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga nakabadyet na gastusin at aktuwal na gastusin;

(3) Ang halaga ng mga reserba ng pananalapi ng lunsod;

(4) Ang lahat ng iba pang impormasyon, sa opinyon ng Tagapamahala ng Lunsod, ay kinakailangan upang makapagbigay ng tumpak at kumpletong larawan ng katayuan at kundisyon ng pananalapi ng lunsod.

Ang ulat ay dapat nasa anyong makukumpirma sa pamamagitan ng

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

pagsusuri. Dapat itong gawing magagamit ng publiko sa Opisina ng Klerk ng Lunsod.

(g) Ang Tagapamahala ng Lunsod ay dapat gumawa ng mga naturang iba pang ulat na maaaring pana-panahong hilingin ng Konseho tungkol sa mga pagpapatakbo ng mga kagawaran ng Lunsod, katungkulan at ahensiyang napapailalim sa ~~kaniyang~~ kanilang pangangasiwa at pagsubaybay; dapat palaging ipapaalam sa Konseho ang tungkol sa kundisyon ng pananalapi at mga pangangailangan sa hinaharap ng Lunsod; at gumawa ng mga naturang rekomendasyon sa Konseho tungkol sa mga gawain ng Lunsod ayon sa ~~kaniyang~~ kanilang itinuturing na angkop o ayon sa hiniling ng Konseho.

(h) Ang Tagapamahala ng Lunsod ay dapat gumamit ng mga naturang kapangyarihan, at dapat isakatuparan ang mga naturang iba pang tungkulin, gaya ng tinukoy sa Saligang-batas na ito o maaaring awtorisahan o iatas ng Konseho.

Seksyon 11. Na amyendahan ang Seksyon 704 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 704. Tumatayong Tagapamahala ng Lunsod.**

Ang Tagapamahala ng Lunsod ay maaaring humirang, ayon sa pag-aruba ng Konseho, o kung hindi ~~niya~~ nila ito magagawa ang Konseho ay maaaring humirang, ng isang opisyal ng Lunsod bilang Tumatayong Tagapamahala ng Lunsod upang gamitin at isakatuparan ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Tagapamahala ng Lunsod sa pansamantalang pagliban o kapansanan ng Tagapamahala ng Lunsod.

Seksyon 12. Na amyendahan ang Seksyon 803 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 803. Itinataguyod rito ang Katungkulan ng Abugado/Abugada ng Lunsod.**

Itinataguyod rito ang katungkulan ng Abugado/Abugada ng Lunsod. Ang Abugado/Abugada ng Lunsod ay dapat isang abugado, at dapat ay may lisensiya upang makapaglapat ng batas sa Estado ng California. Bilang karagdagan, dapat ay mayroon ~~siyang~~ silang hindi bababa sa limang (5) taon ng karanasan sa paglalapat ng batas bago ang paghirang sa ~~kaniya~~ kanila. Maliban na lang kung

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

hindi ito nakasaad sa Saligang-batas na ito, dapat magkaroon ang Alkalde ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Katawanin at magpakita para sa Lunsod, sa Konseho nito, mga lupon at komisyon, sa anuman o lahat ng legal na pagkilos o paglilitis kung saan sila o sinuman sa kanila ay nasasangkot o bahagi nito;

(b) Kapag hiniling ng isang opisyal o empleyado o dating opisyal o empleyado ng Lunsod, depensahan ang naturang opisyal o empleyado o dating opisyal o empleyado sa anumang pagkilos o paglilitis na isinampa laban sa ~~kaniya~~ kanila, sa ~~kaniya~~ kanilang opisyal o indibidwal na kapasidad o pareho, batay sa pagkilos o pag-aalis sa saklaw ng ~~kaniyang~~ kanilang pagtatrabaho bilang isang opisyal o empleyado ng Lunsod, sa tuwing ang Lunsod ay aatasan ng mga pangkalahatang batas ng Estado ng California na ibigay ang naturang depensa o sa tuwing pipiliin ng Konseho na ipagkaloob ang naturang depensa kahit na hindi iniaatas na gawin ito; sa kundisyong maliban sa, na maaaring tumanggi ang Abugado/Abugada ng Lunsod na ipagkaloob ang naturang depensa kapag, sa ~~kaniyang~~ kanilang opinyon, ang pagbibigay ~~niya~~ nila ng naturang depensa ay magiging salungat sa ~~kaniyang~~ kanilang iba pang tungkulin o responsibilidad, kung saan ang Lunsod, kung inaatasan ng mga pangkalahatang batas ng Estado na ipagkaloob ang naturang depensa o kung pinili nitong ipagkaloob ang naturang depensa bagama't hindi iniaatas ng mga pangkalahatang batas na gawin ito, ay dapat magkaloob ng iba pang legal na abugado para sa naturang layunin;

(c) Payuhan ang Konseho at lahat ng lupon, komisyon at opisyal ng Lunsod sa lahat ng usapin ukol sa batas na nauugnay sa kanilang mga katungkulan o kanilang mga kapangyarihan at tungkulin;

(d) Isakatuparan ang iba pang legal na serbisyo na iniaatas ng Konseho.

Ang Konseho ay maaaring magpanatili o kumuha, ayon sa kontrata o iba pa, ng iba pang abugado upang pangasiwaan ang anumang litigasyon o legal na usapin o upang tulungan ang Abugado/Abugada ng Lunsod doon, o maaaring bumili ng seguro na nag-aatas sa tagaseguro na magbigay para sa depensa ng Lunsod at/o ng mga opisyal at empleyado nito kaugnay ng anumang usaping sinasaklaw ng naturang seguro.

Maliban na lang kung maaaring hindi ito ipinagkakaloob ng Konseho, ang Abugado/Abugada ng Lunsod ay dapat nasa ilalim ng pangangasiwa at pagsubaybay ng Konseho.

Seksyon 13. Na amyendahan ang Seksyon 803.1 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 803.1. Abugado/Abugada ng Lunsod; Kapangyarihan ng Paghirang.**

Sa ilalim ng mga tadhana ng Serbisyong Sibil ng Saligang-batas na ito at ng anumang Panuntunan sa Serbisyong Sibil na pinagtibay alinsunod rito, maghihirang ang Abugado/Abugada ng Lunsod ng lahat ng opisyal at empleyado, hindi kasama ang klerikal, nagtatrabaho sa Katungkulan ng Abugado/Abugada ng Lunsod, at kapag sa tingin ~~niya~~ nila na kinakailangan ito para sa ikakabuti ng serbisyo, magagawa ~~niya~~ nila na, sa ilalim ng mga limitasyong binanggit sa itaas, na suspindihin nang walang bayad, i-demote, i-discharge, alisin o disiplinahin ang sinumang naturang opisyal o empleyado kung saan may kapangyarihan ~~siyang~~ silang hirangin. Hindi dapat diktahan ng Konseho o ng sinumang miyembro nito o ng Alkalde sa anumang paraan ang paghirang o pag-aalis ng sinupamang opisyal o empleyado kung saan may kapangyarihan ang Abugado/Abugada ng Lunsod na hirangin, ngunit maaaring ipahayag ng Konseho ang mga pananaw nito at ganap at malayang talakayin sa Abugado/Abugada ng Lunsod ang anumang bagay na patungkol sa paghirang at pag-aalis ng mga naturang opisyal at empleyado.

Seksyon 14. Na amyendahan ang Seksyon 804 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 804. Katungkulan ng Klerk ng Lunsod.**

Itinataguyod rito ang katungkulan ng Klerk ng Lunsod. Dapat magkaroon ang Klerk ng Lunsod ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Dumalo sa lahat ng regular at espesyal na pulong ng Konseho maliban kung hinahadlangan ng sakit o kawalan ng kakayahan ng katawan o maliban kung inaawtorisa ng Konseho ang ~~kaniyang~~ kanilang pagliban; at magtabi ng tumpak na rekord ng mga paglilitis ng Konseho;

(b) Magtabi ng rekord ng lahat ng ordinansa ng Lunsod, at ng lahat ng nakasulat na resolusyong pinagtibay ng Konseho, sa paraang maa-access agad ng publiko ang impormasyong nakapaloob rito. Sa bawat ordinansang nakapaloob sa naturang rekord, dapat ~~niyang~~ nilang i-annex o ilakip ang ~~kaniyang~~ kanilang sertipikong nagpapahayag (1) na ito ang orihinal na kopya ng naturang ordinansa o, kung ang ordinansang nakapaloob sa ~~kaniyang~~ kanilang rekord ay hindi ang orihinal na kopya, na ito ay isang totoo at tamang kopya ng ordinansa,

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

at (2) kung ang ordinansang iyon ay iniaatas ng batas na ilathala, nailathala ito alinsunod sa batas;

(c) Itabi ang lahat ng iba pang rekord ng mga paglilitis ng Konseho at ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan sa paraang maa-access agad ng publiko ang impormasyong nakapaloob rito hanggang sa dumating ang panahon kung kailan sisirain ang alinman sa mga ito alinsunod sa batas ng Estado;

(d) Maging tagapangalaga ng tatak ng Lunsod;

(e) Pangasiwaan ang mga panunumpa o pagpapatunay at kumuha ng mga apidabit at deposisyon kaugnay ng o patungkol sa mga gawain o negosyo ng Lunsod; at sertipikahan ang mga kopya ng mga opisyal na rekord ng ~~kaniyang~~ kanilang tungkulin;

(f) Pangasiwaan ang lahat ng halalan ng Lunsod;

(g) Maging responsable para sa paglalathala ng lahat ng opisyal na pag-aanunsiyo ng Lunsod; at

(h) Isakatuparan ang mga naturang iba pang tungkulin na sumusunod sa Saligang-batas na ito na maaaring iatas sa ~~kaniya~~ ng Klerk ng Lunsod ng Konseho.

Maliban na lang kung maaaring hindi ito nakasaad sa Konseho, ang Klerk ng Lunsod ay dapat nasa ilalim ng pangangasiwa at pagsubaybay ng Konseho.

Seksyon 15. Na amyendahan ang Seksyon 805 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 805. Katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod.**

Itinataguyod rito ang katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod. Hihirangin ng Konseho ang Tagasuri ng Lunsod. Isasagawa ang naturang paghirang sa lalong madaling panahong makatuwiran pagkatapos ng takdang panahon ng katungkulan ng pinakahuling nanungkulan. Ang bawat naturang paghirang ay may terminong tatagal nang apat (4) na taon mula at pagkatapos ng agad na sinundan nitong termino; sa kundisyon na kung mababakante ang naturang katungkulan bago matapos ang mga termino ng dating nanunungkulan, maghihirang ang Konseho ng kapalit na maninilbihan lang sa loob ng natitirang panahon sa termino ng naturang dating nanunungkulan.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Mababakante ang katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod kung mangyayari, bago matapos ang kaniyang termino, ang alinman sa mga kaganapang nakatakda sa subseksyon (a), (b), (c), (d), (e), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Saligang-batas na ito. Ang Konseho, sa pamamagitan ng resolusyong pagtitibayin nang hindi bababa sa sampu ng mga miyembro nito, ay maaaring mag-alis ng isang nanunungkulan sa katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod, bago matapos ang ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> termino, dahil sa maling pag-aasal, pagiging hindi epektibo, pagiging hindi mahusay, kawalan ng kakayahang isakatuparan ang mga tungkulin ng naturang katungkulan o kapabayaan sa pagsasakatuparan sa mga naturang tungkulin, sa kundisyon na ipapahayag muna nito sa isang kasulatan ang mga dahilan ng naturang pag-aalis sa puwesto at bibigyan muna ng pagkakataon ang nanunungkulan na mapakinggan sa harap ng Konseho ang ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> depensa; kung hindi, hindi maaaring alisin ng Konseho ang nanunungkulan sa naturang katungkulan bago matapos ang ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> termino.

Dapat magkaroon ang Tagasuri ng Lunsod ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Magsagawa o idulot na magsagawa ng mga taunang pagsusuri pagkatapos ng transaksyon ng lahat ng transaksyon at account ng pananalapi na pinapanatili ng o para sa Lunsod. Kabilang dapat sa mga naturang pagsusuri ang ngunit hindi limitado sa pag-eeksamen at pagsusuri ng mga pamamaraan ng pananalapi at ang pag-eeksamen, pagsusuri at pagpapatibay ng mga account at gastusin. Dapat isagawa ang mga pagsusuri alinsunod sa pangkalahatang tinatanggap na mga pamantayan sa pagsusuri at kaugnay nito ay dapat kinabibilangan ng mga pagsubok sa mga rekord ng pagkuwenta at iba pang pamamaraan ng pagsusuri ayon sa maaaring ituring na kinakailangan sa ilalim ng mga sitwasyon. Kasama dapat sa mga pagsusuri ang pag-isyu ng mga naaangkop na ulat ng eksaminasyon upang mabigyan ng kaalaman ang Konseho at ang publiko tungkol sa pagiging angkop ng mga pahayag sa pananalapi ng Lunsod.

(b) Magsagawa ng mga pagsusuri sa pagsasakatuparan, ayon sa itinalaga ng Konseho. Tumutukoy ang "pagsusuri sa pagsasakatuparan" sa isang pagsusuri pagkatapos ng transaksyon na tumutukoy, nang isinasaalang-alang ang layunin, mga gampanin at tungkulin ng sinuring ahensiya, sa lahat ng sumusunod:

(1) Kung ang nasuring kagawaran, opisina o ahensiya, ay pinapamahalaan o ginagamit ang mga tagapagdulot nito, kabilang ang mga pampublikong pondo, tauhan, ari-arian, kagamitan at espasyo sa sulit at matipid na paraan.

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(2) Mga dahilan ng mga hindi mahusay o maaksayang kasanayan, kabilang ang mga kakulangan sa pamamahala sa mga sistema ng impormasyon, pamamaraang panloob at pampangasiwaan, istruktura ng organisasyon, paggamit ng mga tagapagdulot, paglalaan ng mga tauhan, mga patakaran sa pagbili at kagamitan.

(3) Kung nakakamit ang mga gustong resulta.

(4) Kung natutugunan ang mga layuning itinakda ng Konseho o iba pang nag-aawtorisang pangkat.

(c) Magsagawa ng mga espesyal na pagsusuri at pagsisiyasat, ayon sa itinalaga ng Konseho. Tumutukoy ang “mga espesyal na pagsusuri” at “pagsisiyasat” sa mga pagtatalaga ng limitadong saklaw, na naglalayong tukuyin:

(1) Ang katumpakan ng impormasyong ibinigay ng Konseho.

(2) Ang mga gastusin at kahihinatnan ng mga rekomendasyong ibinigay sa Konseho.

(3) Iba pang impormasyon tungkol sa pagsasakatuparan ng ng Mga Kagawaran, Opisina o Ahensiya ng Lunsod ayon sa hiniling ng Konseho.

(d) Ang Tagasuri ng Lunsod ay dapat magkaroon ng access sa, at awtoridad na suriin ang anuman at lahat ng dokumento kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga libro, account, mga panloob na memorandum, mga sulat at tape, ulat, voucher, file ng pakikipag-ugnayan at iba pang rekord, bank account, pera at iba pang ari-arian ng anumang kagawaran, opisina o ahensiya ng Lunsod, ginawa man ito ayon sa Saligang-batas o hindi, maliban sa katungkulan ng sinumang inihalal na opisyal.

Tungkulin ng sinumang opisyal, empleyado o ahente ng Lunsod na may kontrol sa mga naturang rekord na pahintulutan ang pag-access sa, at pag-eksamen rito, kapag hiniling ng Tagasuri ng Lunsod o ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> awtorisadong kinatawan. Tungkulin rin ng sinumang naturang opisyal, empleyado o ahente na ganap na makipagtulungan sa, at magsagawa ng ganap na pagsisiwalat ng lahat ng nauugnay na impormasyon.

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(e) Ihanda at isumite sa Konseho, sa bawat buwan sa kalendaryo, ang isang nakasulat na ulat ng mga aktibidad at natuksalan ng Tagasuri ng Lunsod sa nakalipas na buwan sa kalendaryo, kasama ng anumang rekomendasyon para pagbutihin ang pangangasiwa ng Lunsod;

(f) Isakatuparan ang iba pang gampanin sa pagsusuri, alinsunod sa iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, at ihanda at isumite ang mga naturang iba pang ulat, ayon sa maaaring italaga ng Konseho.

Seksyon 16. Na amyendahan ang Seksyon 805.1 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 805.1. Tagasuri ng Lunsod; Kapangyarihan ng Paghirang.**

(a) Ang Tagasuri ng Lunsod ay maaaring maghirang at magsabi ng mga tungkulin ng mga propesyonal at teknikal na empleyado na nagtatrabaho sa Katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod. Ang mga naturang hinirang na propesyonal at teknikal na empleyado ay dapat magsilbi sa mga hindi klasipikadong posisyon sa kagustuhan ng Tagasuri ng Lunsod. Dapat tukuyin ng Konseho kung ang isang partikular na empleyado ay isang “propesyonal” o “teknikal” na empleyado na maaaring hirangin ng Tagasuri ng Lunsod alinsunod sa mga Subseksyong ito.

(b) Bilang karagdagan, sa ilalim ng mga tadhana ng Serbisyong Sibil ng Saligang-batas na ito at ng anumang Panuntunan ng Serbisyong Sibil na pinagtibay alinsunod rito, maghihirang ang Tagasuri ng Lunsod ng lahat ng klerikal na empleyado na nagtatrabaho sa Katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod, at kapag sa tingin ng Tagasuri ng Lunsod na kinakailangan ito para sa ikakabuti ng serbisyo, magagawa ~~niya~~ nila , sa ilalim ng mga limitasyong binanggit sa itaas, na suspindihin nang walang bayad, i-demote, i-discharge, alisin o disiplinahin ang sinumang naturang empleyado kung saan may kapangyarihan ~~siyang~~ silang hirangin.

(c) Hindi dapat diktahan ng Konseho o ng sinumang miyembro nito o ng Alkalde sa anumang paraan ang paghirang o pag-aalis ng sinupamang opisyal o empleyado kung saan may kapangyarihan ang Tagasuri ng Lunsod na hirangin, ngunit maaaring ipahayag ng Konseho ang mga pananaw nito at ganap at malayang talakayin sa Tagasuri ng Lunsod ang anumang bagay na patungkol sa paghirang at pag-aalis ng mga naturang opisyal at empleyado.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Seksyon 17. Na amyendahan ang Seksyon 809 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 809. Katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya**

Itinataguyod rito ang Katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya Hihirangin ng Konseho ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya. Isasagawa ang naturang paghirang sa lalong madaling panahong makatuwiran pagkatapos ng takdang panahon ng katungkulan ng pinakahuling nanungkulan. Ang bawat naturang paghirang ay may terminong tatagal nang apat (4) na taon mula at pagkatapos ng agad na sinundan nitong termino; sa kundisyon na kung mababakante ang naturang katungkulan bago matapos ang mga termino ng dating nanunungkulan, maghihirang ang Konseho ng kapalit na maninilbihan lang sa loob ng natitirang panahon sa termino ng naturang dating nanunungkulan.

Mababakante ang katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya kung mangyayari, bago matapos ang ~~kaniyang~~ kanilang termino, ang alinman sa mga kaganapang nakatakda sa subseksyon (a), (b), (c), (d), (e), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Saligang-batas na ito. Ang Konseho, sa pamamagitan ng resolusyong pagtitibayin nang hindi bababa sa sampu ng mga miyembro nito, ay maaaring mag-alis ng isang nanunungkulan sa katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya, bago matapos ang ~~kaniyang~~ kanilang termino, dahil sa maling pag-aasal, pagiging hindi epektibo, pagiging hindi mahusay, kawalan ng kakayahang isakatuparan ang mga tungkulin ng naturang katungkulan o kapabayaan sa pagsasakatuparan sa mga naturang tungkulin, sa kundisyon na ipapahayag muna nito sa isang kasulatan ang mga dahilan ng naturang pag-aalis sa puwesto at bibigyan muna ng pagkakataon ang nanunungkulan na mapakinggan sa harap ng Konseho ang ~~kaniyang~~ kanilang depensa; kung hindi, hindi maaaring alisin ng Konseho ang nanunungkulan sa naturang katungkulan bago matapos ang ~~kaniyang~~ kanilang termino.

Dapat magkaroon ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Suriin ang mga pagsisiyasat ng Kagawaran ng Pulisya sa mga reklamong galing sa mga miyembro ng publiko at mga administratibong pagsisiyasat na galing sa Kagawaran ng Pulisya laban sa mga opisyal ng pulisya upang alamin kung kumpleto, masusi, walang kinikilingan at patas ang pagsisiyasat.

(b) Gumawa ng mga rekomendasyon hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng Kagawaran ng Pulisya at batay sa pagsusuri ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya sa mga pagsisiyasat sa mga

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

reklamo laban sa mga opisyal ng pulisya.

(c) Gumawa ng mga rekomendasyon hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng Kagawaran ng Pulisya.

(1) Para sa mga layunin ng paggawa ng mga rekomendasyon alinsunod sa subseksyon (c), magagamit at pahihintulutan ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya na suriin ang mga ulat at rekord na maaaring ibunyag at ipakita sa publiko para siyasatin sa ilalim ng batas para sa mga pamamaril na kinasasangkutan ng pulis at mga paggamit ng puwersa na nagresulta sa pagkamatay o malalang pinsala sa katawan, may naisampa mang reklamo o wala. Ipapagamit ng Kagawaran ng Pulisya ang mga ulat at rekord na ito sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya nang hindi binabago, ngunit maaaring hindi muna ibigay ng Kagawaran ng Pulisya ang naturang mga ulat at rekord sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya hangga't hindi pa nakukumpleto ang anumang pagsisiyasat sa krimen o administrasyon kung saan kasangkot ang opisyal ng pulisya o mga opisyal ng pulisya na partikular na nasasangkot sa insidente. Para sa layunin ng subseksyong ito (c)(1), ang ibig sabihin ng “malalang pinsala sa katawan” ay malubhang paghina ng pisikal na kundisyon, kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, sumusunod: kawalan ng malay, pagkaalog ng utak, pagkabali ng buto, matagal na pagkawala o paghina ng paggana ng anumang bahagi ng katawan, sugat na kailangan ng maraming tahi, at malubhang pagkasira ng porma ng katawan.

(2) Bukod pa sa mga rekord at ulat na inilalarawan sa subseksyon (c)(1), magagamit at pahihintulutan ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya na suriin ang mga binagong rekord at ulat ng Kagawaran ng Pulisya, kasama na ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga istatistika ng paggamit ng puwersa, ulat ng pulisya, at footage ng camera na isinuot sa katawan, para sa mga layunin ng paggawa ng mga rekomendasyon alinsunod sa subseksyong ito (c), na sasailalim sa mga sumusunod na limitasyon:

i. Ang mga rekord at ulat na hihingin ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ay kailangang tuwirang nauugnay sa isang paksang pinapatungkulan ng isang pagsisiyasat ng reklamo o administrasyon; at

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

ii. Ang mga rekord at ulat na hihingin ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ay kailangang tuwirang nauugnay sa isang paksang bahagi ng isang plano ng paggawa na isinumite ng Konseho sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at inaprubahan ng Konseho; at

iii. Bukod sa anupamang ibang pagbabagong pinahihintulutan sa ilalim ng batas ng Estado, babaguhin ng Kagawaran ng Pulisya ang mga pangalan ng opisyal ng pulisya at impormasyong personal na nakakapagpakilala sa mga opisyal ng pulisya sa anumang rekord at ulat na ibinibigay sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ayon sa subseksyong ito (c)(2); at

iv. Ang anumang rekomendasyon mula sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya na batay sa mga rekord at ulat na sinuri ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ayon sa subseksyong ito (c)(2) ay pag-aaralan ng Tagapamahala ng Lunsod, Hepe ng Pulisya, Abugado/Abugada ng Lunsod, at ng Konseho, kung naaangkop, alinsunod sa mga tadhana mula sa saradong sesyon ng seksyon 54950 at mga kasunod nito ng Kodigo ng Pamahalaan ng California, bago ang pagbubunyag.

(d) Mangasiwa ng pakikipag-ugnayan sa publiko upang ipaalam sa komunidad ang tungkulin ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at upang tulungan ang komunidad sa proseso at mga pamamaraan para sa pagsisiyasat sa mga reklamo laban sa mga opisyal ng pulisya.

(e) Makipagkontrata sa anumang entidad na nakaayon sa mga kapangyarihan at tungkulin sa ilalim ng Saligang-batas na ito at mapapatawan ng anumang limitasyong itinatakda ng Konseho.

(f) Isakatuparan ang naturang iba pang tungkulin nang nakaayon sa Saligang-batas na ito gaya ng maaaring iatas sa ~~kaniya~~ Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ng Konseho na sasailalim sa anumang pangangailangang dapat tugunan at talakayin kasama ng kinikilalang organisasyon ng empleyado para sa mga opisyal ng pulisya, kasama na ang pagsasagawa sa lahat ng naaangkop na pamamaraan sa paglutas ng kawalan ng pagkakasundo.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Seksyon 18. Na amyendahan ang Seksyon 809.1 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 809.1. Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya; Kapangyarihan ng Paghirang.**

(a) Ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ay maaaring maghirang at magsabi ng mga tungkulin ng mga propesyonal at teknikal na empleyado na nagtatrabaho sa Katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya. Ang mga naturang hinirang na propesyonal at teknikal na empleyado ay dapat magsilbi sa mga hindi klasipikadong posisyon sa kagustuhan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya. Dapat tukuyin ng Konseho kung ang isang partikular na empleyado ay isang “propesyonal” o “teknikal” na empleyado na maaaring hirangin ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya alinsunod sa mga Subseksyong ito.

(b) Bilang karagdagan, sa ilalim ng mga tadhana ng Serbisyong Sibil ng Saligang-batas na ito at ng anumang Panuntunan ng Serbisyong Sibil na pinagtibay alinsunod rito, maghihirang ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ng lahat ng klerikal na empleyado na nagtatrabaho sa Katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya, at kapag sa tingin ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya na kinakailangan ito para sa ikakabuti ng serbisyo, magagawa ~~niya~~ nila , sa ilalim ng mga limitasyong binanggit sa itaas, na suspindihin nang walang bayad, i-demote, i-discharge, alisin o disiplinahin ang sinumang naturang empleyado kung saan may kapangyarihan ~~siyang~~ silang hirangin.

(c) Hindi dapat diktahan ng Konseho o ng sinumang miyembro nito o ng Alkalde sa anumang paraan ang paghirang o pag-aalis ng sinupamang opisyal o empleyado kung saan may kapangyarihan ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya na hirangin, ngunit maaaring ipahayag ng Konseho ang mga pananaw nito at ganap at malayang talakayin sa Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya ang anumang bagay na patungkol sa paghirang at pag-aalis ng mga naturang opisyal at empleyado.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Seksyon 19. Na amyendahan ang Seksyon 810.1 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 810.1. Lupon ng Pagreretiro; Kapangyarihan ng Paghirang.**

(a) Ang lupon o mga lupon ng pagreretiro ay maaaring maghirang at magsabi ng mga tungkulin ng punong opisyal na tagapagpaganap at ng punong opisyal sa pamumuhunan o naturang mga katumbas na posisyon ng Opisina ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro upang tumulong sa pangangasiwa ng plano o mga plano. Ang mga naturang hinirang na opisyal ay dapat magsilbi sa mga hindi klasipikadong posisyon sa kagustuhan ng naghihirang na lupon ng pagreretiro; kung may mahigit sa isang lupon, dapat sama-samang hirangin ng mga lupon ang punong opisyal na tagapagpaganap at ang punong opisyal sa pamumuhunan.

(b) Ang punong opisyal na tagapagpaganap o ang opisyal na may hawak na katumbas na posisyon ng Opisina ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro ay maaaring maghirang at magsabi ng mga tungkulin ng mga propesyonal at teknikal na empleyado at klerikal na empleyadong nagtatrabaho sa Opisina ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro.

(c) Bilang karagdagan, kapag sa tingin ng punong opisyal na tagapagpaganap o ng opisyal na humahawak ng katumbas na posisyon para sa ikakabuti ng serbisyo, magagawa ~~niyang~~ nilang suspindihin nang walang bayad, i-demote, i-discharge, alisin o disiplinahin ang sinumang naturang empleyado sa Opisina ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro sa ilalim ng anumang naaangkop na tadhana ng Serbisyong Sibil ng Saligang-batas at anumang Panuntunan ng Serbisyong Sibil na pinagtibay rito.

(d) Hindi dapat diktahan ng Konseho o ng sinumang miyembro nito o ng Alkalde sa anumang paraan ang paghirang o pag-aalis ng sinupamang opisyal o empleyado kung saan may kapangyarihan ang lupon o mga lupon ng pagreretiro na hirangin o kung saan may kapangyarihan ang punong opisyal na tagapagpaganap na hirangin, ngunit maaaring ipahayag ng Konseho ang mga pananaw nito at ganap at malayang talakayin sa lupon o mga lupon ng pagreretiro ang anumang bagay na patungkol sa paghirang at pag-aalis ng mga naturang opisyal at empleyado.

(e) Itatakda ang kabayaran para sa punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal sa pamumuhunan, o kanilang katumbas at ang

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

propesyonal na tauhan sa pamumuhunan alinsunod sa Seksyon 902 ng Saligang-batas at dapat isaalang-alang ng lupon o mga lupon ang kabayaran ng mga katumbas na posisyon sa katulad na Mga Pampublikong Plano ng Pensyon ng Estados Unidos sa pagrerekomenda ng kabuuang kabayaran para sa mga posisyon ng punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal sa pamumuhunan o katumbas ng mga ito at ang propesyonal na tauhan sa pamumuhunan.

Seksyon 20. Na amyendahan ang Seksyon 901 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 901. Mga Opisyal at Empleyado; Paghirang at Pag-aalis.**

Hihirangin ang Tagapamahala ng Lunsod, ang Abugado/Abugada ng Lunsod, at ang Klerk ng Lunsod at maaaring alisin ng Konseho anumang oras. Maliban na lang kung hindi ito nakasaad sa Saligang-batas na ito, hihirangin ng Tagapamahala ng Lunsod ang lahat ng iba pang opisyal, pinuno ng kagawaran at empleyado ng Lunsod, maliban sa mga miyembro ng lupon at komisyon at, maliban na lang kung hindi ito nakasaad sa iba pang bahagi ng Saligang-batas na ito, ay maglilingkod sa kagustuhan ~~niya~~ nila.

Maghihirang ang Konseho, at maaari nitong alisin anumang oras, ng isang Tumatayong Tagapamahala ng Lunsod, isang Tumatayong Abugado/Abugada ng Lunsod, Tumatayong Klerk ng Lunsod, Tumatayong Tagasuri ng Lunsod at Tumatayong Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya upang isakatuparan ang mga gampanin at tungkulin ng kani-kanilang katungkulan sa kaso ng pagliban o kapansan.

Maghihirang ang Alkalde at bawat miyembro ng Konseho ng sinumang katulong na maglilingkod sa ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan.

Maghihirang ang Tagapamahala ng Lunsod, sa ilalim ng mga tadhana ng Seksyon 411.1, ng isang taong kikilos bilang pinuno ng isang kagawaran o katungkulan, maliban sa katungkulan ng Klerk ng Lunsod, Abugado/Abugada ng Lunsod, Tagasuri ng Lunsod, Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa kaso ng pagliban o kapansan ng pinuno ng naturang kagawaran o katungkulan.

Seksyon 21. Na amyendahan ang Seksyon 904 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

**SEKSYON 904. Pangangasiwa sa Mga Panunumpa.**

Magkakaroon ng kapangyarihan ang bawat pinuno ng kagawaran at ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> mga kinatawan na pangasiwaan ang mga panunumpa at pagpapatunay kaugnay ng anumang opisyal na negosyo tungkol sa ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> kagawaran.

<u>Seksyon 22.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1000 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1000. Komisyon sa Pagpaplano.**

Magkakaroon dapat, at itinataguyod rito, ang isang Komisyon sa Pagpaplano na kabibilangan ng labing-isang miyembrong hinirang ng Konseho na may isang miyembrong hinirang mula sa bawat Distrito ng Konseho at isang miyembrong hinirang bilang miyembro "sa kabuuan." Ituturing itong pagpapatuloy ng Komisyon sa Pagpaplano na itinaguyod ng at alinsunod sa Seksyong ito gaya ng agad na isinasaad rito bago ang petsa ng pagkakabisa ng Seksyong ito gaya ng isinasaad rito ngayon.

Hindi magiging karapat-dapat ang isang tao na tumanggap o humawak ng katungkulan bilang miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano maliban kung ~~natutugunan niya~~ <u>natutugunan nila</u> ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

~~(a) Kailangang mamamayan siya ng Estados Unidos sa loob ng kahit isang taon agad bago magsimula ang terminong may apat na taon o sa mas maikling panahon kung kailan siya hinirang, at kailangang mamamayan siya ng Estados Unidos sa panahon ng kaniyang panunungkulan;~~

Kailangang residente ~~(b)~~<u>(a)</u> ~~siya~~ <u>sila</u> ng Lunsod ng San José sa loob ng kahit isang taon agad bago magsimula ang terminong may apat na taon o sa mas maikling panahon kung kailan ~~siya~~ <u>sila</u> hinirang, at kailangang residente ~~siya~~ <u>sila</u> ng Lunsod ng San José sa panahon ng ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> panunungkulan<u>;</u>~~.~~

~~(c) Kailangang rehistrado siyang manghahalal ng Lunsod ng San José sa panahon ng paghirang sa kaniya at pagkatapos nito at sa petsa ng pagsisimula ng terminong may apat na taon o sa mas maikling panahon kung kailan siya hinirang.~~

Ang Tagapamahala ng Lunsod, ang Abugado/Abugada ng Lunsod at iba pang

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

naturang opisyal na maaaring italaga ng Konseho, o ang kanilang mga kinatawan, ay maaaring makipagpulong kasama ng Komisyon sa Pagpaplano at lumahok sa mga talakayan nito ngunit hindi sila maaaring bumoto.

Ang mga taong iyon na agad bago ang petsa ng pagkakabisa ng Seksyong ito (gaya ng nakasaad rito ngayon) ay mga miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano na itinaguyod ng at alinsunod sa Seksyong ito gaya ng isinasaad rito agad bago ang petsa ng pagkakabisa ng Seksyong ito (gaya ng nakasaad rito ngayon) ay magpapatuloy bilang mga miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano na ito at, na nakasailalim sa iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, ay hahawak sa naturang mga katungkulan hanggang sa matapos ang mga termino kung kailan sila hinirang, kung saan: ang tatlong miyembrong hinirang para sa mga terminong matatapos sa Hunyo 30, 2022, ay magpapatuloy sa panunungkulan hanggang sa katapusan ng Hunyo 30, 2022, at ang apat na miyembrong hinirang para sa mga terminong matatapos sa Hunyo 30, 2024, ay magpapatuloy sa panunungkulan hanggang sa katapusan ng Hunyo 30, 2024. Maghihirang ang Konseho ng ikawalo at ikasiyam na miyembro para sa terminong matatapos sa Hunyo 30, 2022, at maghihirang ng ikasampu at ikalabing-isang miyembro para sa terminong matatapos sa Hunyo 30, 2024. Pagkatapos nito, maghihirang ang Konseho ng mga komisyonado para sa mga terminong may apat na taon simula sa unang araw ng Hulyo ng bawat taong may pares na bilang upang punan ang mga katungkulan ng mga miyembrong iyon na may mga terminong matatapos sa katapusan ng ika-30 araw ng Hunyo ng naturang taon.

Mababakante ang katungkulan ng isang miyembro kung sa takdang panahon ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan, natigil ang ~~kaniyang~~ kanilang pagiging residente ng Lunsod ng San José ~~o natigil ang kanilang pagiging mamamayan ng Estados Unidos~~. Gayudin, mababakante ang katungkulan ng isang miyembro kung mangyayari, bago ang pagtatapos ng ~~kaniyang~~ kanilang termino, ang alinman sa mga kaganapang nakatakda sa subseksyon (a), (b), (c), (e), (g), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Saligang-batas na ito, o kung liliban ang naturang miyembro sa limang (5) magkakasunod na regular na pagpupulong bukod sa mga ipinagpalibang regular na pagpupulong, ng Komisyon, maliban kung may dahilang katanggap-tanggap ayon sa resolusyon ng Konseho. Gayundin, maaari ding mag-alis ng miyembro sa katungkulan ang Konseho anumang oras dahil sa maling pag-aasal, kawalan ng kakayahan o sadyang kapabayaan sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan, sa kundisyon na ipapahayag muna nito sa isang kasulatan ang mga dahilan ng naturang pag-aalis sa puwesto at bibigyan muna ng pagkakataon ang naturang miyembro na mapakinggan sa harap ng Konseho ang ~~kaniyang~~ kanilang depensa. Kung mababakante ang puwesto bago matapos ang termino ng miyembro na hinirang upang ikatawan ang isang ispesipikong Distrito ng Konseho, maghihirang ang Konseho ng kuwalipikadong tao mula sa Distrito ng Konseho ring iyon upang punan ang naturang bakanteng puwesto para sa natitirang panahon sa hindi pa tapos na

termino ng naturang miyembro.

Dapat magkaroon ang Komisyon sa Pagpaplano ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(a) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho hinggil sa pagpapatibay, pag-amyenda, o pagpapawalang-bisa sa mga pangunahin, pangkalahatan, malawakan, tumpak o ispesipikong plano para sa pisikal na pagpapaunlad sa Lunsod o anumang bahagi nito sa hinaharap, at pana-panahong suriin ang mga ito;

(b) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho hinggil sa pagpapatibay, pag-amyenda, o pagpapawalang-bisa sa mga regulasyon ng paggamit at pagpapaunlad ng lupa, kasama na ang ngunit hindi nalilimitahan sa mga regulasyon ng pagsosona at paghahati-hati sa subdibisyon;

(c) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho hinggil sa pagpapatibay, pag-amyenda, o pagpapawalang-bisa sa mga plano o programa para sa muling pagpapaunlad, rehabilitasyon o pagpapanibago sa anumang lugar ng Lunsod;

(d) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho hinggil sa mga programa ng kapital na pagpapahusay; at

(e) Gamitin ang iba pang naturang kapangyarihan at isakatuparan ang iba pang naturang gampanin at tungkulin gaya ng maaaring hayagang ibinibigay rito sa iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, o gamitin ang iba pang naturang kapangyarihan o isakatuparan ang iba pang naturang gampanin gaya ng maaaring iniaatas ng Konseho na hindi salungat sa mga tadhana ng Saligang-batas na ito.

Seksyon 23. Na amyendahan ang Seksyon 1001 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1001. Komisyon sa Serbisyong Sibil.**

Magkakaroon at magpapatupad dito ng Komisyon sa Serbisyong Sibil. Ang mga sumusunod na tadhana ay maaangkop sa:

(a) PAGIGING MIYEMBRO. Bubuuin ang Komisyon sa Serbisyong Sibil ng limang (5) miyembrong hihirangin ng Konseho para sa mga

terminong apat (4) na taon. Ang mga miyembro ay dapat ~~mga kuwalipikadong manghahalal~~ residente ng Lunsod sa lahat ng oras sa kanilang takdang panahon ng katungkulan; hindi dapat hihigit sa apat (4) ang may magkakaparehong kasarian; at dapat ay may isang (1) abugado, na may lisensiyang maglapat ng batas sa Estado ng California, na dapat ay nakapaglapat na ng batas sa naturang Estado sa loob ng hindi bababa sa limang (5) taon.

(b) TAKDANG PANAHON NG KATUNGKULAN. Ang takdang panahon ng katungkulan para sa mga taong hinirang pagkatapos ng Nobyembre 1, 1998 ay dapat apat na (4) taon.

Ang taong hihirangin upang punan ang isang (1) katungkulan ng miyembrong matatapos ang termino sa Disyembre 1, 2001, at ang bawat tao na hihirangin pagkatapos nito upang punan ang naturang isang (1) katungkulan sa tuwing mababakante ito, mababakante man ito sa habang o sa pagtatapos ng takdang panahon ng katungkulan ng isang nanunungkulan, ay dapat hirangin ng Konseho mula sa listahan ng tatlong (3) taong inonomina sa bawat kaso ng lahat ng full-time na opisyal at empleyado sa Serbisyong Sibil ng Lunsod (maliban sa mga miyembro ng Konseho at mga miyembro ng mga lupon at komisyon) sa mga halalang gagawin para sa mga naturang layunin. Ang mga full-time na opisyal at empleyado lang ang dapat na maging karapat-dapat na bumoto sa mga naturang halalan, at walang opisyal o empleyado ang dapat na pahintulutan na bumoto para sa higit sa isang tao sa alinmang isang hahalan. Ang mga pangalan ng tatlong (3) taong makakatanggap ng pinakamataas na bilang ng mga boto sa anumang naturang halalan ay dapat ibigay sa Konseho, at ang Konseho, nang hindi isinasaalang-alang ang bilang ng mga botong natanggap ng bawat isa, ay dapat hirangin sa naturang katungkulan ang isa sa tatlo na pinaniniwalaan nitong pinakakuwalipikado para sa naturang katungkulan. Ang mga naturang halalan sa pamamagitan ng nominasyon ay dapat gawin ng Klerk ng Lunsod alinsunod sa isang pamamaraan ng halalang inihanda ng Klerk ng Lunsod at inaprubahan ng Konseho.

(c) MGA BAKANTE. Ang Konseho ng Lunsod ay dapat na magpatibay ng isang ordinansang magtatakda ng mga panuntunang nauugnay sa mga bakante bago matapos ang isang takdang panahon ng katungkulan at pag-aalis sa isang miyembro mula sa katungkulan.

(d) PANUNUMPA AT DEKLARASYON. Ang mga miyembro ng Komisyon sa Serbisyong Sibil, bilang karagdagan sa panunumpa sa katungkulan na iniaatas ng batas, ay dapat magsagawa, sa ilalim ng panunumpa

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

at maghain sa opisina ng Klerk ng Lunsod, ng sumusunod na deklarasyon: “Tumututol ako sa paghirang sa pampublikong serbisyo bilang isang gantimpala para sa aktibidad na pampulitika at aking gagawin at isakatuparan ang mga kapangyarihan at tungkulin ng katungkulan ng Komisyonado (Komisyonada) ng Serbisyong Sibil sa diwa ng deklarasyong ito.”

(e) KALIHIM. Ang Konseho ay dapat magbigay sa Komisyon ng isang kalihim na kasiya-siya sa Komisyon; sa kundisyong ang pinuno ng sinumang kagawaran ng tauhan ng Lunsod ay hindi dapat humawak ng anumang posisyong pangkalihim, tagapagpaganap o tagapangasiwa sa ilalim ng direktang hurisdiksiyon ng Komisyon sa Serbisyong Sibil.

(f) MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN. Dapat magkaroon ang Komisyon sa Serbisyong Sibil ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(1) Irekomenda sa Konseho ang pagpapatibay, pagsusog o pagpapawalang-bisa sa Mga Panuntunan ng Serbisyong Sibil na nauugnay sa mga usaping tinukoy sa Seksyon 1102 ng Artikulo XI ng Saligang-batas na ito;

(2) Magsagawa ng anumang pagsisiyasat na maaari nitong ituring na naaangkop tungkol sa pangangasiwa sa tauhan sa Klasipikadong Serbisyo;

(3) Magsagawa ng mga rekomendasyon sa Konseho, Tagapamahala ng Lunsod o sinupamang may kapangyarihang maghirang sa mga usaping nauugnay sa pangangasiwa ng tauhan sa Klasipikadong Serbisyo;

(4) Upang gamitin o isakatuparan ang iba pang naturang kapangyarihan at tungkulin gaya ng hayagang ibinibigay rito sa iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, at upang gamitin o isagawa ang iba pang naturang kapangyarihan at isakatuparan ang iba pang naturang gampanin at tungkulin gaya ng maaaring iniaatas ng Konseho na hindi salungat sa mga tadhana ng Saligang-batas na ito.

<u>Seksyon 24.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1001.1 ng Saligang Batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

**SEKSYON 1001.1. Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo.**

Magkakaroon at magpapatupad dito ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo. Ang mga sumusunod na tadhana ay maaangkop sa:

(a) PAGIGING MIYEMBRO Bubuuin ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng limang (5) miyembrong hihirangin ng Komisyon ng Serbisyong Sibil. Ang mga miyembro ay dapat ~~mga kuwalipikadong manghahalal~~ na residente ng Lunsod sa lahat ng oras sa kanilang takdang panahon ng katungkulan.

(b) TAKDANG PANAHON NG KATUNGKULAN. Maliban na lang kung nakasaad dito sa ibaba, ang regular na takdang panahon ng katungkulan ng bawat miyembro ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ay apat (4) na taon. Hihirangin ng Komisyon ng Serbisyong Sibil ang mga paunang miyembro ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo sa unang buwan ng Enero, 1981. Hihirangin ang dalawang (2) miyembrong hinirang para sa termino na mapapaso sa Disyembre 31, 1982; at tatlo (3) sa mga miyembro na hinirang ay hihirangin para sa termino na mapapaso sa Disyembre 31, 1984. Magsisimula sa Disyembre ng 1982, gagawa ang Komisyon sa Serbisyong Sibil, sa buwan ng Disyembre ng bawat taong may pares na bilang, ng mga paghirang upang mapunan ang mga puwesto ng mga miyembro na mapapaso ang mga termino sa katapusan ng naturang taong may pares na bilang. Ang mga naturang paghihirang ay para sa mga regular na terminong apat (4) na taon na magsisimula sa unang araw ng Enero kasunod ng taong may di-pares na bilang at na mapapaso sa ika-31 araw ng Disyembre ng ikalawang taong may pares na bilang pagkatapos.

(c) MGA BAKANTE. Mababakante ang katungkulan ng miyembro kung mangyayari, bago matapos ang ~~kaniyang~~ kanilang termino, ang alinman sa mga kaganapang nakatakda sa subseksyon (a), (b), (c), (d), (e), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Kabanatang ito. Gayundin, maaari ding mag-alis ng miyembro sa katungkulan ang Komisyon sa Serbisyong Sibil anumang oras dahil sa maling pag-aasal, kawalan ng kakayahan o sadyang kapabayaan sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan, sa kundisyon na ipapahayag muna nito sa isang kasulatan ang mga dahilan ng naturang pag-aalis sa puwesto at bibigyan muna ng pagkakataon ang naturang miyembro na mapakinggan sa harap ng Komisyon sa Serbisyong Sibil ang ~~kaniyang~~ kanilang depensa. Kung magkaroon ng bakanteng puwesto bago ang pagkapaso ng termino ng miyembro, maghihirang ang

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Komisyon ng Serbisyong Sibil ng kuwalipikadong tao na pupunan ang naturang bakanteng posisyon para sa nalalabing panahon ng hindi pa napapasong termino ng naturang miyembro.

(d) MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN.
Dapat isakatuparan ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ang mga sumusunod na tungkulin:

(1) Magsisimula sa 2019, at kada limang (5) taon pagkatapos nito, itatakda ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ang pinakamababababang suweldo para sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, gaya ng nakasaad sa Seksyon 407 ng Saligang-batas na ito.

(2) Kada dalawang taong lumilipas, gagawa ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng mga rekomendasyon tungkol sa buwanang sahod para sa miyembro ng lupon ng pagreretiro na hindi empleyado ng Lunsod o sa mga lupon na pinapangasiwaan ang plano o mga plano ng pagreretiro na ipinatupad alinsunod sa Artikulo XV ng Saligang-batas na ito at itinakda ng Konseho na makatanggap ng sahod. Maaayon ang itatakdang sahod ng Konseho sa ipinatupad na proseso sa pamamagitan ng ordinansa.

Seksyon 25. Na amyendahan ang Seksyon 1001.2 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1001.2 Lupon ng Mga Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at sa Pulitika.**

Magkakaroon dapat, at itinataguyod rito, ang isang Lupon ng Lupon ng Mga Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at sa Pulitika. Ang mga sumusunod na tadhana ay maaangkop sa:

(a) PAGIGING MIYEMBRO. Bubuuin ang Lupon ng Mga Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at sa Pulitika ng limang (5) miyembrong hihirangin ng Konseho. Ang mga miyembro ay dapat mga residente ng Lunsod sa lahat ng oras sa kanilang takdang panahon ng katungkulan. Ang Konseho ay maaari ding magpatibay ng isang ordinansang nagtatakda ng karagdagang pamantayan para sa pagiging karapat-dapat na magsilbi sa katungkulan.

(b) TAKDANG PANAHON NG KATUNGKULAN. Ang regular na takdang

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

panahon ng katungkulan ng bawat miyembro ng Lupon ng Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at Pulitika ay dapat apat na (4) taon. Matatapos ang mga takdang panahon ng mga miyembro sa loob ng mga taon kung saan walang regular na halalang munisipal. Ang mga taong miyembro ng Lupon ng Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at Pulitika bago ang petsa ng pagkakabisa ng Seksyong ito ay dapat patuloy na maging miyembro ng Lupon ng Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at Pulitika at, sa ilalim ng iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, dapat nilang hawakan ang mga naturang katungkulan hanggang sa pagtatapos ng mga termino kung para saan sila hinirang.

(c) MGA BAKANTE. Ang Konseho ng Lunsod ay dapat na magpatibay ng isang ordinansang magtatakda ng mga panuntunang nauugnay sa mga bakante bago matapos ang isang takdang panahon ng katungkulan at pag-aalis sa isang miyembro mula sa katungkulan.

(d) MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN. Dapat magkaroon ang Lupon ng Walang-Kinikilingang Gawain sa Pagkampanya at Pulitika ng mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:

(1) Subaybayan ang pagsunod sa mga ordinansa sa kampanya at etika ayon sa maaaring awtorisahan ng Konseho.

(2) Ayon sa inawtorisahan ng ordinansa o resolusyon ng Konseho, suriin at siyasatin ang mga alegasyon ng mga paglabag sa mga ordinansa sa kampanya at etika at magsagawa ng mga pagkilos na pagpapatupad kung saan naaangkop.

(3) Gumawa ng mga rekomendasyon sa Konseho patungkol sa mga regulasyon at patakaran sa kampanya at etika.

(4) Upang gamitin o isakatuparan ang iba pang naturang kapangyarihan at tungkulin gaya ng hayagang ibinibigay rito sa iba pang tadhana ng Saligang-batas na ito, at gamitin ang iba pang naturang kapangyarihan at isakatuparan ang iba pang naturang gampanin at tungkuling hindi salungat sa mga tadhana ng Saligang-batas na ito, ayon sa maaaring sabihin ng Konseho.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

Seksyon 26. Na amyendahan ang Seksyon 1101 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1101. Sistema ng Serbisyong Sibil; Klasipikado at Hindi Klasipikadong Serbisyo.**

Dapat paghiwalayin ang Serbisyong Sibil ng Lunsod sa Klasipikadong Serbisyo at Hindi Klasipikadong Serbisyo, ayon sa sumusunod:

(a) Ang Hindi Klasipikadong Serbisyo ay dapat binubuo at kinabibilangan ng lahat ng sumusunod na opisyal at empleyado:

(1) Ang Alkalde at ang mga miyembro ng Konseho at ang kanilang mga katulong;

(2) Ang lahat ng miyembro ng lupon at komisyon, at kung gugustuhin ng Komisyon sa Serbisyong Sibil, ang Kalihim ng Komisyon sa Serbisyong Sibil;

(3) Ang Tagapamahala ng Lunsod at lahat ng ~~kaniyang~~ kanilang katulong, kinatawan, at kalihim, ang pinuno ng bawat kagawaran, pangalawang direktor ng mga kagawaran, kinatawang direktor ng mga kagawaran, (hindi kasama ang kagawaran ng pulisya) at ang Klerk ng Lunsod at isang katulong.

(4) Pansamantalang Pagtatrabaho

a. Mga taong pansamantalang nagtatrabaho upang gumawa o magsagawa ng espesyal na pagtatanong, pagsisiyasat, eksaminasyon o paglalagay, o upang magbigay ng mga propesyonal, siyentipiko o teknikal na serbisyo ng isang paminsan-minsan o kakaibang karakter; hangga't walang taong nagtatrabaho sa Hindi Klasipikadong Serbisyo alinsunod sa subseksyong ito para sa anumang dahilan ang magpapatuloy sa naturang pagtatrabaho alinsunod sa subseksyong ito sa loob ng panahong lalampas sa anim (6) na buwan para sa bawat espesyal na pagtatanong, pagsisiyasat, eksaminasyon, paglalagay o partikular na serbisyo maliban kung inaprubahan ng Komisyon sa Serbisyong Sibil ang isang pagpapalawig;

b. Mga taong pansamantalang nagtatrabaho upang punan

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

ang mga posisyon sa isang yugto ng panahong hindi lalampas sa dalawang (2) taon, kung saan magkakaroon ng pangangailangang isakatuparan ang mga pansamantalang tungkulin o kung saan maaaring kailanganin ang mga tungkulin sa hindi regular na batayan.

(5) Mga taong nagtatrabaho sa panahon ng isang emerhensiya upang isakatuparan ang mga serbisyong kinakailangan dahil sa at sa panahon ng naturang emerhensiya sa loob ng yugto ng panahong hindi lalampas sa anim (6) na buwan maliban kung inaprubahan ng Komisyon sa Serbisyong Sibil ang isang pagpapalawig;

(6) Mga taong pansamantalang nagtatrabaho upang punan ang mga posisyon sa klasipikadong serbisyo kapag walang umiiral na mga karapat-dapat na listahan ng mga aplikante para sa mga naturang posisyon, hanggang sa panahong makagawa ng mga listahan ng karapat-dapat at makakakuha ng mga tao mula roon upang punan ang mga naturang posisyon;

(7) Mga boluntaryong miyembro ng mga kagawaran ng pulisya, bumbero o depensang sibil o anumang puwersa o organisasyon ng pulisya, bumbero o depensang sibil.

(8) Ang Opisyal ng Pampublikong Impormasyon, at lahat ng taong nagtatrabaho sa Opisina ng Pampublikong Opisyal Impormasyon, hindi kasama ang mga klerikal na empleyado.

(9) Ang Tagasuri ng Lunsod at ang mga propesyonal at teknikal na empleyado sa Katungkulan ng Tagasuri ng Lunsod.

(10) Ang Abugado/Abugada ng Lunsod at lahat ng abugado/abugada at superbisor sa Katungkulan ng Abugado/Abugada ng Lunsod;

(11) Ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at ang mga propesyonal at teknikal na empleyado sa Katungkulan ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya.

(12) Ang punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal sa pamumuhunan, o ang kanilang katumbas at ang ang propesyonal na tauhan sa pamumuhunan, ayon sa itinatakda ng ordinansa, sa Opisina ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro at

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

sino ang hindi dapat miyembro ng tinukoy na benepisyong pensyon o mga plano sa pagreretiro na pangangalagang pangkalusugan ng retirado ng Lunsod. Hindi dapat ilapat ang seksyong ito sa sinumang nanunungkulan na nagpupuno sa mga posisyong iyon sa petsa kung kailan inaprubahan ang pag-convert sa pamamagitan ng halalan.

(b) Bubuuin ang Klasipikadong Serbisyo ng lahat ng taong nagtatrabaho sa mga posisyon sa Serbisyong Sibil ng Lunsod na hindi kasama sa Hindi Klasipikadong Serbisyo;

(c) Walang anuman rito ang dapat na ituring na pumipigil sa humihirang na awtoridad na punan ang anumang posisyon sa paraan kung paano pinupunan ang mga posisyon sa Klasipikadong Serbisyo.

(d) Sa tuwing ilalagay ang mga dating klasipikadong posisyon sa hindi klasipikadong serbisyo sa Saligang-batas na ito, hindi dapat ilapat ang mga hindi klasipikadong katayuan sa mga nanunungkulang iyon na pinupunan ang mga klasipikadong posisyong iyon sa petsa kung kailan inaprubahan ang pag-convert sa pamamagitan ng halalan.

Seksyon 27. Na amyendahan ang Seksyon 1105 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1105. Mga Paghirang mula sa Klasipikadong Serbisyo patungo sa Hindi Klasipikadong Serbisyo.**

Sa sitwasyong ang isang opisyal o empleyado ng Lunsod na humawak o humahawak ngayon ng isang posisyon sa Klasipikadong Serbisyo ay hinirang pagkatapos nito sa isang posisyon sa Hindi Klasipikadong Serbisyo, at kasunod nito ay dapat alisin o tanggalin sa Hindi Klasipikadong Serbisyo, dapat ay mayroon ~~siyang~~ silang karapatan, kung hindi ~~siya~~ sila nakagawa ng napakasama, nakakahiya o hindi matapat na asal, na magtrabaho sa isang posisyong nauugnay sa ~~kaniyang~~ kanilang dating klasipikasyon sa Klasipikadong Serbisyo nang hindi nawawalan ng anumang karapatan o pribilehiyo at sa ilalim ng mga katulad na tuntunin at kundisyon na parang nanatili ~~sila~~ sila sa naturang klasipikasyon.

Seksyon 28. Na amyendahan ang Seksyon 1108 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1108. Sapilitang Pag-alis sa Serbisyo.**

Ang sinumang miyembro ng Kagawaran ng Pulisya o Bumbero ng Lunsod na isa ring miyembro ng anumang plano sa pagreretiro ng Kagawaran ng Pulisya at Bumbero o sistema ng Lunsod ay dapat alisin sa anumang posisyon sa Kagawaran ng Pulisya o Bumbero ng Lunsod sa pagsapit ~~niya~~ <u>nila</u> sa edad na pitumpung (70) taong gulang, magkakaroon ng bisa ang naturang pagpapaalis nang hindi lalampas sa huling araw ng buwan sa kalendaryo kung kailan makakamit ~~niya~~ <u>nila</u> ang naturang edad. Sa ilalim ng mga tadhana ng iba pang seksyon ng Saligang-batas na ito, maaaring ipagkaloob ng Konseho anumang oras ang sapilitang pag-aalis ng mga opisyal o empleyado, maliban sa mga taong humahawak ng mga inihalal na katungkulan, mula sa mga tinukoy na posisyon sa Serbisyong Sibil sa mas batang edad kung at kapag sa tingin ng Konseho ay para iyon sa ikakabuti ng Serbisyong Sibil.

<u>Seksyon 29.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1111 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1111. Obligadong Arbitrasyon para sa Mga Di-pagkakasundo ng Empleyado ng Kagawaran ng Bumbero at Pulisya.**

(a) Idinedeklara rito na nasa patakaran ng Lunsod ng San José na ang mga strike ng mga opisyal ng bumbero at pangkapayapaang opisyal ay labag sa batas sa estado ng California at hindi ito para sa interes ng publiko at dapat itong ipagbawal, at dapat pagtibayan ang isang paraan para sa payapa at patas na paglutas ng mga di-pagkakasundo na maaaring humantong sa mga naturang strike.

Kung ang sinumang bumbero o pangkapayapaang opisyal na nagtatrabaho sa Lunsod ng San José ay kusang sasali sa isang strike laban sa Lunsod, dapat tanggalin ang naturang empleyado mula sa ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> pagtatrabaho at hindi siya maaaring pabalikin sa pagtatrabaho sa Lunsod maliban bilang isang bagong empleyado. Walang opisyal, lupon, konseho o komisyon ang dapat magkaroon ng kapangyarihang magbigay ng amnestiya sa sinumang empleyadong nakasuhan ng pakikilahok sa strike laban sa Lunsod.

(b) Ang Lunsod, sa pamamagitan ng mga awtorisadong kinatawan nito, ay dapat na makipag-usap nang matapat sa mga kinikilalang organisasyon ng empleyado ng kagawaran ng bumbero at pulisya sa lahat ng usaping nauugnay sa mga suweldo, oras, at iba pang tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho sa Lunsod, kasama na ang pagtatakda ng mga pamamaraan para sa paglutas ng mga karaingang isinumite ng alinmang organisasyon ng empleyado tungkol

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

sa pag-unawa o paglalapat ng anumang napag-usapang kasunduan kabilang ang isang tadhana para sa may-bisang arbitrasyon ng mga karaingang iyon. Maliban kung at hanggang magkaroon ng kasunduan sa pamamagitan ng mga negosasyon sa pagitan ng Lunsod at ng kinikilalang organisasyon ng empleyado para sa kagawaran ng bumbero at pulisya o nagkaroon ng pagpapasiya sa pamamagitan ng pamamaraan ng arbitrasyong ipinagkaloob rito, wala dapat alisin o baguhing kasalukuyang benepisyo o kundisyon ng pagtatrabaho para sa mga miyembro ng yunit na nakikipagnegosasyon ng kagawaran ng bumbero o pulisya.

(c) Ang lahat ng di-pagkakasundo o kontrobersiya tungkol sa mga suweldo, oras, o tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho na mananatiling hindi nalutas pagkatapos ng mga matapat na negosasyon sa pagitan ng Lunsod at ng alinman sa organisasyon ng empleyado ng kagawaran ng bumbero o pulisya ay dapat isumite sa isang Lupon ng Mga Tagapamagitan na may tatlong miyembro sa pagdedeklara ng kawalan ng pagkakasundo ng Lunsod o ng kinikilalang organisasyon ng empleyado na sangkot sa di-pagkakasundo. Ang lahat ng isyu tungkol sa saklaw ng awtoridad, hurisdiksiyon o mga kapangyarihan ng Lupon sa arbitrasyon ay dapat, sa paghiling ng alinmang partido, lutasin sa pamamagitan ng petisyon sa Korte Suprema.

(d) Ang bawat isa sa mga kinatawang itinalaga ng Lunsod at mga kinatawan ng kinikilalang organisasyon ng empleyado na sangkot sa di-pagkakasundo, kontrobersiya o karaingan ay dapat pumili ng isang tagapamagitan sa Lupon ng Mga Tagapamagitan sa loob ng tatlong (3) araw pagkatapos abisuhan ng alinmang partido ang kabilang partido, sa pamamagitan ng sulat, na gusto nitong magpatuloy sa arbitrasyon. Ang ikatlong miyembro ng Lupon ng Arbitrasyon ay dapat piliin sa pamamagitan ng kasunduan ng dalawang tagapamagitan na pinili ng Lupon at ng organisasyon ng empleyado, at dapat siyang magsilbing neutral na tagapamagitan at Tagapangulo~~pangulo~~ ng Lupon. Sakaling hindi magkasundo ang mga tagapamagitang pinili ng Lunsod at ng organisasyon ng empleyado sa pagpili ng ikatlong tagapamagitan sa loob ng sampung (10) araw mula sa petsa na inabisuhan ng alinmang partido ang kabilang partido na nagdeklara ito ng kawalan ng pagkakasundo, maaaring hilingin ng alinmang partido sa Hukumang Superyor ng County ng Santa Clara na maghiran ng tagapamagitan na dapat ay isang retiradong hukom ng Hukumang Superyor.

Ang anumang pagtitipon-tipon para sa arbitrasyon alinsunod sa

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

seksyong ito ay dapat isagawa nang sumusuod sa, sa ilalim ng, at pinapamahalaan ng Titulo 9 ng Bahagi 3 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil ng California basta't ang mga naturang pamamaraan ay hindi salungat sa Seksyon ng Saligang-batas na ito. Maliban na lang kung hindi ito ipinag-uutos ng batas ng estado o batas na pederal, dapat bukas sa publiko ang lahat ng pagdinig sa arbitrasyon at dapat ay mga pampublikong rekord ang lahat ng dokumentong isusumite sa arbitrasyon. Sa kabila ng anupamang salungat na tadhana ng Saligang-batas na ito, ang awtoridad, hurisdiksiyon at mga kapangyarihan ng Lupon ng Mga Tagapamagitan ay nililimitahan ng mga tadhana ng Seksyong ito.

(e) Sa pagtatapos ng mga pagdinig sa arbitrasyon, dapat utusan ng Lupon ng Arbitrasyon ang bawat isa sa mga partido na magsuite, sa loob ng naturang limitasyon sa oras ayon sa maaaring itakda ng Lupon, ng isang huling alok ng pakikipag-aayos sa bawat isa sa mga isyung may di-pagkakasundo. Dapat pagpasyahan ng Lupon ng Arbitrasyon ang bawat isyu sa pamamagitan ng boto ng mayoriya sa pamamagitan ng pagpili sa kung alinman sa huling alok ng pakikipag-aayos sa isyung iyon batay sa lakas ng ebidensyang isinumite sa Lupon ng Arbitrasyon ay makikita nitong nakakatugon sa seksyon (f) sa ibaba, ay para sa pinakamahusay na interes at nagsusulong ng kapakanan ng publiko, at halos ganap na sumusunod sa mga salik na iyon na karaniwang isinasaalang-alang sa pagtukoy ng mga suweldo, oras, at iba pang tuntunin at kundisyon ng pampubliko at pribadong pagtatrabaho, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagbabago sa average na indise ng presyo ng mamimili para sa mga produkto at serbisyo, mga suweldo, oras, at iba pang termino at kundisyon ng pagtatrabaho ng iba pang empleyado na nagsasakatuparan ng mga katulad na serbisyo.

(f) Sa lahat ng paglilitis sa arbitrasyon na gagawin alinsunod sa seksyong ito, ang mga pangunahing salik sa mga pasiya tungkol sa kabayaran ay dapat ang kundisyon ng pananalapi ng Lunsod at, bilang karagdagan, ang kakayahan nitong magbayaran ang empleyado mula sa mga tuloy-tuloy na kita nang hindi binabawasan ang mga serbisyo ng Lunsod. Hindi maaaring mag-isyu ng gawad para sa arbitrasyon maliban kung tutukuyin ng mayoriya ng Lupon ng Arbitrasyon, batay sa patas at detalyadong pagsusuri ng kundisyon ng pananalapi ng Lunsod at pagsusuri sa gastos ng mga huling alok ng mga partido, na matutugunan ng Lunsod ang gastos sa paggawad mula sa mga tuloy-tuloy na kita nang hindi binabawasan ang mga serbisyo ng Lunsod. Dapat ring isaalang-alang ng mga tagapamagitan at magbigay ng sapat na timbang sa antas ng pagtaas o pagbaba ng

kabayarang inaprubahan ng Konseho ng Lunsod para sa iba pang yunit na nakikipagnegosasyon.

Dapat tumutukoy ang “kabayaran” sa lahat ng gastos ng Lunsod, bago man ito o nagpapatuloy, para sa binabayarang suweldo at mga benepisyong ibinibigay sa mga empleyado, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga suweldo, espesyal na bayad, premium na bayad, insentibong bayad, pensiyon, medikal na saklaw ng retirado, medikal na saklaw at saklaw sa ngipin ng empleyado, iba pang segurong ibinibigay ng Lunsod, bakasyon, mga holiday, at iba pang may bayad na pagpapahinga.

(g) Bilang karagdagan, ang Lupon ng Mga Tagapamagitan ay hindi dapat magbigay ng pasiya, o magbigay ng gawad, na:

(1) daragdagan ang inaasahang gastos sa kabayaran para sa mga yunit na nakikipagnegosasyon sa antas na lampas sa antas ng pagtaas sa mga kita mula sa buwis sa benta, buwis sa ari-arian, buwis sa utilidad at buwis sa telepono na kinuha ang average sa nakalipas na limang taon ng pananalapi; o

(2) retroaktibong daragdagan o babawasan ang kabayaran, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagpapahusay sa pensiyon at benepisyo sa kalusugan ng retirado para sa serbisyong naibigay na, ngunit hindi kasama ang mga pinakamababang suweldo; o

(3) gagawa ng bago o karagdagang walang pondong pananagutan kung saan maoobliga ang Lunsod na bayaran; o

(4) makakapigil o makakahadlang sa pasiya ng Hepe ng Pulisya o Hepe ng Bumbero na gumawa ng mga pasiya, panuntunan, utos at patakaran kaugnay ng pamamahala, pagpapatakbo o pagkuha ng mga tauhan, sa interes ng epektibo at mahusay na pagbibigay ng mga serbisyo ng pulisya at bumbero sa publiko.

(h) Dapat ay sapilitan at ipapatupad ang pagsunod sa mga tadhana ng Seksyong ito alinsunod sa seksyon 1085 ng kodigo ng mga Pamamaraang Sibil; ang hindi pagsunod sa mga tadhanang ito ay dapat ring ituring na pagkilos na labas sa hurisdiksiyon.

(i) Pagkatapos makapagpasiya, ang Lupon ng Arbitrasyon ay dapat magpadala sa koreo o kaya naman ay maghatid ng totoong kopya ng pasiya nito sa mga partido. Hindi dapat ihayag sa publiko ang pasiya

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

ng Lupon ng Arbitrasyon at hindi ito dapat magkaroon ng bisa hanggang sampung (10) araw pagkatapos itong maihatid sa mga partido. Sa loob ng sampung araw na iyon, maaaring pribadong magpulong ang mga partido, subukang lutasin ang kanilang mga pagkakaiba, at baguhin ang alinman sa mga pasiya ng Lupon ng Arbitrasyon ayon sa mapagkakasunduan. Sa pagtatapos ng sampung araw, na maaaring palawigin ayon sa mapagkakasunduan sa pagitan ng mga partido, ang pasiya ng Lupon ng Arbitrasyon kasama ng anumang susog o pagbabagong sinang-ayunan ng mga partido, ay dapat ihayag sa publiko at dapat itong magkaroon ng bisa sa mga partido. Dapat gawin ng Lunsod at ang kinikilalang organisasyon ng empleyado ang anumang kinakailangang pagkilos upang maisagawa at maipatupad ang gawad.

(j) Ang mga gastusin sa anumang pagtitipon para sa arbitrasyon alinsunod sa seksyong ito, kasama ang bayarin para sa mga serbisyo ng Tagapangulo~~pangulo~~ ng Lupon ng Arbitrasyon, ay dapat pantay na pagsagutin ng mga partido. Ang lahat ng iba pang gastusin na maaaring indibidwal na maipon ng mga partido ay dapat sagutin ng partidong nakaipon sa mga naturang gastos.

(k) Dapat ay agarang magkaroon ng bisa ang Seksyong ito kapag ipinasa ng mga botante, at dapat itong ilapat sa anupamang arbitrasyon kung saan magsisimula ang mga pagdinig pagkatapos ng Nobyembre 2, 2010.

(l) Ipinahayag ng mga botante na ang mga tadhana ng Seksyong ito ay hindi mapaghihiwalay, at walang ipapatupad kung wala ang iba pang bahagi. Sakaling ang anumang bahagi ng Seksyon 1111 na ito ay dapat pagsamahin o ideklarang walang bisa, ang lahat ng tadhana ay dapat na ituring na walang bisa at hindi gumagana at dapat ay walang kinakailangang arbitrasyon para sa mga di-pagkakasundo ng empleyado ng kagawaran ng bumbero at pulisya.

Seksyon 30. Na amyendahan ang Seksyon 1202 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1202. Pagsusumite ng Programa ng Kapital na Pagpapahusay; Mga Nilalaman.**

Hindi bababa sa tatlumpung (30) araw bago ang pagsisimula ng bawat taon ng pananalapi, o sa naturang mas maagang panahon ayon sa maaaring tukuyin ng Konseho, ang Tagapamahala ng Lunsod ay dapat na maghanda at dapat

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

magsumite sa Konseho ng isang programa ng pagpapahusay ng kapital para sa limang (5) taon ng pananalapi kasunod ng taon ng pananalapi kung kailan isinumite sa Konseho ang naturang program. Sa o bago ang araw na ~~siya~~ sila ay magsusumite ng naturang programa sa Konseho, dapat ring maghain ang Tagapamahala ng Lunsod ng kopya ng programa sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lunsod. Kabilang dapat sa naturang programa ng kapital ang:

(a) Isang malinaw na buod ng mga nilalaman nito;

(b) Isang listahan ng lahat ng kapital na pagpapahusay na iminungkahing gawin sa loob ng limang taon ng pananalapi kasunod ng taon ng pananalapi kung kailan isusmute ang naturang programa sa Konseho kasama ang naaangkop na pansuportang impormasyon ayon sa pangangailangan sa mga naturang pagpapahusay;

(c) Mga pagtatantiya sa gastos, paraan ng pagpondo at mga inirerekomendang iskedyul ng oras para sa bawat naturang pagpapahusay; at

(d) naturang anupamang impormasyon na sa tingin ng Tagapamahala ng Lunsod ay naaangkop.

Seksyon 31. Na amyendahan ang Seksyon 1204 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1204. Pangangasiwa sa Pananalapi; Pagsusumite ng Badyet at Mensahe sa Badyet.**

(a) Ang bawat Hinirang ng Konseho ay dapat magsumite sa Alkalde at sa Konseho taun-taon ng kahilingan para sa badyet, para sa susunod na taon ng pananalapi, ng bawat kagawaran, opisina o ahensiya ng Lunsod sa ilalim ng pangangasiwa ~~niya~~ nila.

(b) Dapat maghatid ang Alkalde ng mensahe sa badyet na dapat ay kinabibilangan ng:

--Isang pahayag ng mga priyoridad sa pananalapi na dapat pagtibayin ng Lunsod para sa susunod na taon.

--Kung aling mga Kagawaran, Opisina o Ahensiya ang iminumungkahi ng Alkalde na palawakin o makatanggap ng mga binawasang pagtatalaga ng badyet.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

--Mga ispesipikong rekomendasyon tungkol sa anumang iminungkahing pagdagdag sa o pag-aalis sa badyet.

(c) Dapat ihatid ng Alkalde ang mensahe sa badyet ng Alkalde sa isang pulong ng Konseho na gagawin pagkatapos matanggap ang kahilingan sa badyet mula sa Tagapamahala ng Lunsod.

(d) Dapat magsagawa ang Konseho ng isang pampublikong pagdinig upang isalang-alang ang mensahe sa badyet ng Alkalde at upang magsagawa rito ng anumang rebisyon o pagbabago na sa tingin ng Konseho ay mairerekomenda.

Dapat magtakda ang Konseho ng isang oras at lugar para sa pampublikong pagdinig, at dapat magbigay ng paunawa sa paraang tinukoy sa Seksyon 1206.

Sa pagsasara ng pampublikong pagdinig, dapat aprubahan ng Konseho ang mensahe sa badyet ng Alkalde ayon sa naipresents, o ayon sa nirebisa, ng pagboto ng oo ng mayoriya ng mga miyembro nito.

(e) Wala sa mga rekomendasyong kasama sa mensahe sa badyet ng Alkalde, o ayon sa sinusugan at inaprubahan ng Konseho, ang dapat na ipatupad o isagawa sa anumang paraan na lalabag sa kinakailangan para sa isang balanseng badyet na nakapaloob sa Seksyon 1205.

(f) Hindi bababa sa tatlumpung (30) araw bago ang pagsisimula ng bawat taon ng pananalapi, o sa naturang mas maagang panahon ayon sa maaaring tukuyin ng Konseho, dapat magsumite ang Tagapamahala ng Lunsod sa Konseho ng badyet para sa susunod na taon ng pananalapi, kasama ng isang kalakip na ulat.

Bilang karagdagan sa pagsunod sa mga kinakailangan ng Seksyon 1205, nakapaloob dapat sa badyet ang plano sa pananalapi ng Tagapamahala ng Lunsod para sa mga aktibidad ng Lunsod na iminungkahi para sa susunod na taon ng pananalapi na tumpak na sumasalamin sa mga rekomendasyon at priyoridad na tinukoy sa mensage sa badyet ayon sa pinagtibay ng Konseho.

Dapat tukuyin sa ulat ng Tagapamahala ng Lunsod na kasama sa badyet ang mga paglalaan ng badyet na magpapatupad sa bawat bahaging kasama sa mensahe sa badyet ayon sa pinagtibay ng

Konseho.

Seksyon 32. Na amyendahan ang Seksyon 1208 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1208. Mga Paglalaan; Mga Pagbabago.**

Ang mga paglalaan ay maaaring susugan, rebisahin o dagdaga ayon sa mga sumusunod:

(a) MGA KARAGDAGANG PAGLALAAN. Kung sa panahon ng taon ng badyet ay sinertipikahan ng Tagapamahala ng Lunsod o napag-alaman ng Konseho na may magagamit na mga kita sa paglalaan na sobra sa tinantiya sa badyet, ang Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ay maaaring gumawa ng mga karagdagang paglalaan para sa taon nang hanggang sa halaga ng naturang sobra.

(b) MGA PANG-EMERHENSIYANG PAGLALAAN. Upang matugunan ang pampublikong emerhensiya na nakakaapekto sa buhay, kalusugan, ari-arian o sa kapayapaan ng publiko, maaaring gumawa ang Konseho ng mga pang-emerhensiyang paglalaan. Ang mga naturang paglalaan ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pang-emerhensiyang ordinansa alinsunod sa mga tadhana ng subseksyon (e) ng Seksyon 605 ng Saligang-batas na ito.

(c) PAGBAWAS SA MGA PAGLALAAN. Kung anumang oras sa panahon ng taon ng badyet na sa tingin ng Tagapamahala ng Lunsod ang magagamit na mga kita ay hindi sasapat upang matugunan ang mga inilaang halaga, dapat ~~siyang~~ silang mag-ulat sa Konseho nang walang pagkaantala, na ipinapahiwatig ang tinatantiyang halaga ng kakulangan, anumang ginawa ~~niyang~~ nilang panremedyong pagkilos, at ang ~~kaniyang~~ kanilang mga rekomendasyon tungkol sa anupamang hakbang na dapat gawin. Pagkatapos, dapat gawin ng Konseho ang naturang karagdagang pagkilos na sa tingin nito ay kinakailangan upang mapigilan o mabawasan ang anumang kakulangan, at para sa layuning iyon sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, maaari nitong bawasan ang isa o higit pang mga paglalaan.

Gayundin, anumang oras sa panahon ng taon ng badyet, maaaring ipawalang-bisa o bawasan ng Konseho, para sa anupamang dahilan, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ang anumang ginawa ritong paglalaan; at, anumang oras sa panahon ng taon ng badyet, maaari nitong ibahin ang paglalaan sa pamamagitan ng ordinansa

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

ang lahat o ang isang bahagi ng halaga ng naturang pagbabawas para sa pareho o anupamang klase o kategorya ng gastusin.

(d) PAGLILIPAT NG MGA PAGLALAAN NG KONSEHO. Anumang oras sa panahon ng taon ng badyet, magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, na ilipat ang isang bahagi o ang lahat ng anumang hindi pa nailalaang balanse ng anumang paglalaan mula sa anumang kagawaran, opisina o ahensiya sa isa pa o mula sa anumang klase o kategorya ng gastusin sa isa pang klase o kategorya ng gastusin.

Ang mga ordinansa o resolusyong pinagtibay ng Konseho alinsunod sa mga tadhana ng Seksyong ito ay dapat agad na magkaroon ng bisa noong pinagtibay ito.

<u>Seksyon 33.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1210 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1210. Pagkontrol sa Mga Gastusin ng Tagapamahala ng Lunsod.**

Ang ilang aytem ng gastusing inilalaan sa bawat taon ng pananalapi na nakabatay sa mga tinantiyang resibo o kita na maaaring hindi ganap na makuha, dapat ay tungkulin ng Tagapamahala ng Lunsod na magtakda ng iskedyul ng mga paglalaan, kada buwan o kada quarter o ayon sa maaaring tukuyin ~~niya~~ <u>nila</u>, kung saan dapat gastusin ang mga kabuuang inilaan sa ilang kagawaran, opisina at ahensiya. Dapat pana-panahong rebisahin ng Tagapamahala ng Lunsod ang mga pagtatantiya ng kita, at maaari niyang rebisahin ang mga paglalaan anumang oras.

Walang opisyal, kagawaran o ahensiya ng Lunsod, sa panahon ng anumang taon ng badyet, ang dapat na gumastos o makaipon ng anumang obligasyong gumastos ng pera para sa anumang klase o kategorya ng gastusing hindi awtorisado ng o sobra sa mga halagang inilaan ng Konseho, o sobra sa anumang paglalaang ginawa ng Tagapamahala ng Lunsod.

<u>Seksyon 34.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1213 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1213. Pang-emerhensiyang Reserbang Pondo.**

Mangyaring malaman na magkakaroon ng isang pondo, na kikilalanin bilang ang “Pang-emerhensiyang Reserbang Pondo,” para sa layunin ng pagtugon sa anumang pampublikong emerhensiyang kakasungkutan ng o magbabanta sa mga

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

buhay, ari-arian o kapakanan ng mga tao ng Lunsod o ari-arian ng Lunsod. Dapat bumuo ng reserba sa naturang pondo mula sa anumang magagamit na pagmumulan, maliban sa mga ipinagbabawal na pagmumulan, sa halagang sa tingin ng Konseho na naaangkop. Maliban na lang kung may ibang itinakda rito, ang pera sa naturang pondo ay dapat gastusin alinsunod sa mga paglalaang ginawa mula sa ordinansa.

Sa sitwasyon ng pampublikong emerhensiyang kinasasangkutan ng o nagbabanta sa mga buhay, ari-arian o kapakanan ng mga tao ng Lunsod o ari-arian ng Lunsod, dapat ay magkaroon ng kapangyarihan ang Tagapamahala ng Lunsod, hanggang sa susunod na pulong ng Konseho, sa ilalim ng pagiging magagamit ng mga pondo rito at, sa ilalim ng mga naturang kundisyon, pagbabawal at limitasyon ayon sa maaaring ipatupad ng Konseho, upang ipatawag, ayusin at utusan ang mga puwersa ng anumang kagawaran ng Lunsod sa anumang kinakailangang serbisyo, upang ipatawag, isaayos, katawanin o kaya naman ay kunin sa trabaho ang ibang tao, o upang gawin ang anupamang bagay na sa tingin ~~niya~~ nila ay maaaring kinakailangan para sa layunin ng pagtugon sa emerhensiya; at para sa naturang layunin, hanggang sa limitasyong hindi nailaan ang iba pang pera o kaya naman ay hindi magagamit, maaari ~~niyang~~ nilang gastusin ang anumang hindi pa nailalaan na pera sa Pang-emerhensiyang Reserbang Pondo sa kabila ng kaalamang maaaring hindi nailaan ang mga naturang pera para sa naturang layunin. Sa unang pulong ng Konseho kasunod ng anumang naturang pagkilos, dapat ipresenta ng Tagapamahala ng Lunsod sa Konseho ang isang kumpletong ulat ng kung ano ang ginawa ~~niya~~ nila upang matugunan ang emerhensiya.

Seksyon 35. Na amyendahan ang Seksyon 1215 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1215. Independiyenteng Pagsusuri.**

Ang Konseho ay dapat kumuha sa pagsisimula ng bawat taon ng pananalapi ng isang sertipikadong pampublikong tagapagtuos na siyang dapat magsuri sa mga libro ng munisipyo, rekord, account at pamamaraan sa pananalapi ng lahat ng opisyal at empleyado ng Lunsod na tumatanggap, nangangasiwa o gumagastos ng mga pampublikong pondo sa ngalan ng Lunsod, at mga naturang iba pang opisyal, empleyado, kagawaran at ahensiya ayon sa maaaring iutos ng Konseho. Ang Konseho ay maaaring mag-utos ng isang espesyal na pagsusuri ng anumang partikular na kagawaran o dibisyon ng pamahalaan ng Lunsod anumang oras. Ang naturang tagapagtuos ay dapat, sa lahat ng oras, sumunod sa mga kasalukuyan at pinakatanggap na pamantayan ng munisipal na pagtutuos. Sa lalong madaling panahon hangga't maaari pagkatapos makumpleto ang isang espesyal na pagsusuri, kung ang naturang pagsusuri ay dapat ipag-utos ng Konseho, ang naturang independiyenteng tagapagtuos ay dapat magsumite ng espesyal na ulat

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

sa Konseho na nagpapakita ng ~~kaniyang~~ kanilang mga natuklasan at rekomendasyon patungkol sa mga usaping sinaklaw ng naturang espesyal na pagsusuri. Gayundin, sa lalong madaling panahon hangga't maaari sa pagtatapos ng taon ng pananalapi, ang naturang independiyenteng tagapagtuos ay dapat magsumite ng panghuling ulat sa Konseho na nagpapakita ng ~~kaniyang~~ kanilang mga natuklasan at rekomendasyon tungkol sa mga rekord, account, at pamamaraan sa pananalapi na sinaklaw ng ~~kaniyang~~ kanilang pangkalahatang pagsusuri. Tatlong (3) kopya ng bawat ulat ang dapat na ilagay sa file sa opisina ng Klerk ng Lunsod kung saan makukuha ang mga ito para sa pagsisiyasat ng publiko.

Seksyon 36. Na amyendahan ang Seksyon 1217 ng Saligang Batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1217. Mga Kinakailangan sa Pagkuha ng Mga Pampublikong Gawain.**

(a) MGA KAHULUGAN. Para sa Seksyong ito, ganito ang kahulugan ng mga sumusunod na termino.

(1) Nangangahulugan ang "Proyekto ng Mga Pampublikong Gawain" na proyekto para sa konstruksiyon, pagpapatayo, pagpapabuti, o paggiba ng anumang pampublikong gusali, kalye, tulay, daluyan, bambang, kanal, dike, lagusan, alkantarilya, sistema ng patubig, sistema ng alarma sa sunog, sistema ng kuryente ng pagkontrol ng trapiko, sistema ng ilaw sa kalye, paradahan, parke, o palaruan. Hindi tinutukoy ng at hindi kasama sa "Proyektong Mga Pampublikong Gawain" ang mga sumusunod: (i) pagpapanatili ng anumang Proyektong Mga Pampublikong Gawain, (ii) anumang pagkukumpuni, konstruksiyon, pagpapatayo, pagpapabuti, o paggiba na nauugnay sa naturang pagpapanatili, o (iii) ang pagtatanim, pangangalaga o pagpapanatili ng mga puno, palumpungan o bulaklak.

(2) Nangangahulugan ang "Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain" na kinakailangan ng kontrata ng Lunsod para sa Proyektong Mga Pampublikong Gawain, sa panahon ng pagbigay, ng paggastos ng mga pondo ng Lunsod na higit pa sa $600,000, hindi kasama ang ang gastusin sa anumang materyales, suplay, o kagamitang maaaring kinuha ng Lunsod o hiwalay na kukunin nito.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(3) Nangangahulugan ang "Maliit na Kontratang Mga Pampublikong Gawain" na kinakailangan ng kontrata ng Lunsod para sa Proyektong Mga Pampublikong Gawain, sa panahon ng pagbigay, ng paggastos ng mga pondo ng Lunsod sa halagang mas maliit kaysa sa limitasyon ng halaga upang maging isang Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain.

(4) Nangangahulugan ang "Kontratang Magdisenyo-Magtayo" na isang kontrata ng Lunsod kung saan kukunin mula sa isang entidad ang pagdidisenyo at konstruksiyon ng Proyektong Mga Pampublikong Gawain.

(b) PAGSASAAYOS PARA SA IMPLASYON. Tuwing ika-1 ng Hulyo, ang $600,000 limitasyon na dating tumutukoy sa Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain ay isasaayos para sa implasyon sa industriya ng konstruksiyon gaya ng mas partikular na nakalagay sa ordinansa ng Konseho ng Lunsod.

(c) PAGKUHA – MGA PANGUNAHING KONTRATANG MGA PAMPUBLIKONG GAWAIN. Ang magiging primaryang paraan ng pagkuha ng Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain ay sa pamamagitan ng pormal na pampublikong pag-bid, kung saan, sa pagsunod sa pampublikong paunawa, ibibigay ng Lunsod ang kontrata sa responsableng bidder na may pinakamababang pagtugon. Magaganap ang pormal na pampublikong pag-bid nang naaayon sa mga kinakailangan sa Mga Subseksyon (e) hanggang (h) ng Seksyong ito, at gaya ng nakalagay sa ordinansa ng Konseho ng Lunsod.

(1) Bilang alternatibong pagkuha sa Mga Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain, makakapili ang Lunsod ng kontratista sa pamamagitan ng pamantayang batay sa katotohanan upang matukoy ang pinakamainam na kumbinasyon ng presyo at mga kuwalipikasyon. Isasaad ang prosesong ito ng pagkuha sa ordinansa ng Konseho ng Lunsod nang naaayon sa mga sumusunod na kinakailangan.

(i) Susundin ng Lunsod ang mga pormal na kinakailangan sa pag-bid sa Mga Subseksyon (e) hanggang (h) maliban na lang kung hindi ito nakasaad sa Mga Subseksyon (c)(1)(ii) hanggang (c)(1)(v).

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(ii) Magtatalaga ang Lunsod ng panel upang suriin ang mga kuwalipikasyon ng mga bidder at upang makapagtalaga sa bawat bidder ng marka ng kuwalipikasyon. Ibabatay ng panel ang marka ng kuwalipikasyon sa isang pagsusuri ng pamantayang batay sa katotohanan na maaaring magsama ng, ngunit hindi limitado sa rekord sa kaligtasan ng nag-bid, nakaraang pagganap, pagsunod sa paggawa, pagpapakita ng kahusayan sa pamamahala, kundisyon sa pananalapi at may kaugnayang karanasan.

(iii) Maaaring tukuyin ang marka ng kuwalipikasyon bilang bahagi ng paunang kuwalipikasyon o bilang bahagi ng pangangalap ng bid. Sa anumang sitwasyon, isasaad ng mga nauugnay na dokumento ang pamantayan, pamamaraan, at sistema ng pagbibigay ng rate na gagamitin ng panel upang suriin ang mga nag-bid.

(iv) Mananatiling nakaselyo ang mga presyo ng bid hanggang sa makapagtalaga ang panel ng pagsusuri ng marka ng kuwalipikasyon sa bawat nag-bid.

(v) Batay sa formula na ginagamit ang nakatalagang marka ng kuwalipikasyon at presyo ng bid, ibibigay ng Lunsod ang kontrata sa responsableng nag-bid na may pinakamababang pagtugon.

(2) Bilang alternatibong pagkuha sa Mga Pangunahing Kontratang Mga Pampublikong Gawain sa humigit-kumulang $1,000,000, maaaring makipagkasundo ang Lunsod at magbigay ng Kontratang Magdisenyo-Magtayo nang walang pormal na pampublikong pag-bid kung mapag-alaman ng Konseho ng Lunsod na makakatipid ng pera o kontrata o magreresulta ito sa mas mabilis na pagkumpleto ng proyekto. Isasaad sa ordinansa ng Konseho ng Lunsod ang proseso ng mahusay na pagpili ng kontratista ng magdisenyo-magtayo, at ang proseso ng pakikipagkasundo at pagbibigay ng Kontratang Magtayo-Magdisenyo.

(d) PAGKUHA – MALILIIT NA KONTRATANG MGA PAMPUBLIKONG GAWAIN. Kukuha ang Lunsod ng Maliliit na Kontratang Mga Pampublikong Gawain sa paraang nakasaad sa ordinansa ng Konseho ng Lunsod.

(e) KINAKAILANGAN AT PAMAMARAAN SA PAUNAWA.

(1) Magtatakda ang paunawang nag-iimbita ng mga bid ng petsa para sa pagbubukas ng mga bid at ilalathala ito nang kahit isang beses, kahit sampung (10) araw lang bago ang itinakdang petsa para sa pagbubukas ng mga bid, sa pahayagang may malawak na sirkulasyon sa Lunsod o sa elektronikong paraan nang sa gayon ay maisapubliko ang paunawa sa pangkalahatang komunidad ng mga potensyal na mag-bid.

(2) Ipapakita sa ilalim ng nakaselyong takip ang lahat ng bid kabilang ang seguridad ng naturang nag-bid kung kinakailangan.

(3) Kung hindi maipatupad ng matagumpay na nag-bid ang kontrata sa loob ng tinukoy na oras sa paunawang nag-iimbita ng mga bid o sa iba pang detalye na tinutukoy rito, ang halaga ng seguridad na kinakailangan, kung mayroon man, ay maaaring ideklarang naremata sa Lunsod at maaaring kolektahin at bayaran sa Pangkalahatang Pondo nito, at maaaring usigin ang lahat ng narematang bono at ang halagang kinolekta at ibinayad sa naturang pondo.

(4) Isasapubliko ang lahat ng bid at ang pinagsama-samang bid ng bawat nag-bid na idineklara sa oras at lugar na tinukoy sa paunawang nag-iimbita ng mga bid.

(5) Magkakaroon ang Konseho ng karapatang ipagpaliban ang anumang pagkaimpormal o maliliit na iregularidad sa mga bid o pag-bid.

(f) PROGRAMA NG MANGGAGAWANG NASA PAGSASANAY. Wala ritong makakahadlang sa Lunsod na magsama ng anumang tadhana sa kontrata na kinakailangan ng paglahok ng kontratista sa isang programa ng manggagawang nasa pagsasanay para sa mga nanganganib na kabataan.

(g) IBA PANG PROGRAMA. Wala ritong makakahadlang sa Lunsod na magpatupad ng ilang programang naaayon sa batas na sumusuporta sa paggamit ng mga maliit, lokal, at o dehadong negosyo.

(h) PAGPILI NG PINAKAMABABANG RESPONSABLENG NAG-BID.

Kung walang matanggap na bid, maaari muling mag-endorso ang Konseho, o tapusin ang "Proyektong Mga Pampublikong Gawain" na walang natanggap na bid, nang hindi patuloy na sumusunod sa Seksyong ito.

(1) Kung ang dalawa o higit pang bid ay pareho at pinakamababa, maaaring tanggapin ng Konseho ang bid na pipiliin nito.

(2) Sa sariling pagpapasya ng Konseho, maaari nitong tanggihan ang anuman o lahat ng bid na ipinapakita. Kung tatanggihan nito ang lahat ng bid, sa sariling pagpapasya nito, maaaring mag-endorsong muli ang Konseho.

(3) Pagkatapos tanggihan ang lahat ng bid para sa anumang"Proyektong Mga Pampublikong Gawain" at pagkatapos mag-endorsong muli para sa mga bid at napag-alaman ng Konseho at idinedeklara nito na sobra ang mga bid, maaari nitong ipatapos sa mga empleyado ng Lunsod ang naturang "Proyektong Mga Pampublikong Gawain" nang hindi patuloy na sumusunod sa Seksyong ito.

(i) HINDI NAAANGKOP ANG SEKSYON. Hindi malalapat ang mga tadhana ng Subseksyon (c) na ito ng Seksyong ito sa anumang sumusunod na Proyektong Mga Pampublikong Gawain.

(1) Anumang Proyektong Mga Pampublikong Gawain na ginawa para sa Lunsod ng anumang pampubliko o pampamahalaang pangkat o ahensiya.

(2) Anumang Proyektong Mga Pampublikong Gawain na ginawa ng anumang pampublikong utilidad na pagmamay-ari ng publiko o pinapamahalaan ng Komisyon ng Pampublikong Utilidad ng Estado ng California kung saan ang naturang trabaho ay nauugnay sa anumang pag-aari ng naturang pampublikong utilidad o direktang nauugnay sa Lunsod at naturang pampublikong utilidad.

(3) Anumang Proyektong Mga Pampublikong Gawain na ginawa ng subdivider, tagapagpaunlad, o may-ari ng tunay na ari-arian na nauugnay sa subdibisyon o pagpapaunlad ~~niya~~ <u>nila</u> sa anumang tunay na ari-arian, sa kabila ng posibilidad na maaaring buo o bahagyang ibalik mula sa Lunsod ang ibinayad.

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(4) Anumang Proyektong Mga Pampublikong Gawain na nauugnay sa teknikal o propesyonal na kasanayan o kakayahan ng napiling tao na gawin ang naturang trabaho ay mahalagang salik ng ~~kaniyang~~ kanilang pagpili.

(5) Mga paggastos na itinuturing ng Konseho na agarang kinakailangan para sa pangangalaga ng buhay, kalusugan, o ari-arian, sa kundisyong ang pareho ay awtorisado ng resolusyon ng Konseho na pinagtibay ng pagboto ng oo mula sa kahit walo (8) lang na miyembro ng Konseho at naglalaman ang mga ito ng deklarasyon ng mga katotohanang bumubuo sa matinding pangangailangan.

(6) Mga kalagayan kung saan ang pangangalap ng mga bid para sa anumang dahilan ay magiging isang pagtigil na akto.

(j) PAGBILI NG MGA SUPLAY NA MGA MATERYALES AT KAGAMITAN. Naaayon sa ordinansa ang mga pamamaraan para sa pagbili ng mga suplay na mga materyales at kagamitan.

Seksyon 37. Na amyendahan ang Seksyon 1504 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1504. Pinakamaliit na Mga Benepisyo para sa Ilang Partikular na Miyembro ng Mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero.**

Dapat ibigay ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, ang mga sumusunod na pinakamaliit na benepisyo para sa mga sumusunod na miyembro ng Mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero ng Lunsod maliban sa mga miyembrong ibinukod pagkatapos nito mula sa paglalapat ng Seksyong ito.

(a) PAGRERETIRO. Ang isang opisyal o empleyado ng Kagawaran ng Pulisya o Kagawaran ng Bumbero ng Lunsod ay dapat magkaroon ng karapatan, kapag hiniling ~~niya~~ nila, na magretiro mula sa serbisyo sa Lunsod at tumanggap sa panahon ng naturang pagreretiro hanggang sa ~~kaniyang~~ kanilang pagkamatay ng buwanang allowance sa pagreretiro na katumbas ng limampung porsiyento (50%) ng ~~kaniyang~~ kanilang "huling kabayaran," na tutukuyin pagkatapos nito, kung magagawa ~~niyang~~ nilang:

(1) Kumpletuhin ang dalawampung (20) taon ng "serbisyo," na tutukuyin pagkatapos nito, at nakaabot, habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, sa edad na limampu't

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

limang (55) taong gulang o higit pa; o

(2) Kumpletuhin ang dalawampung (20) taon ng "serbisyo," na tutukuyin pagkatapos nito, ay "may kapansanan," ayon sa pagtukoy rito sa naturang termino, habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, at nag-apply para sa naturang pagreretiro habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho.

(b) MGA KONTRIBUSYON. Ang mga kontribusyong iniaatas na ibigay ng mga opisyal at empleyado ng Kagawaran ng Pulisya o Kagawaran ng Bumbero ng Lunsod sa anumang pondo, plano o sistema sa pagreretiro para sa o dahil sa kasalukuyang serbisyo o kasalukuyang mga benepisyo ng serbisyo ng o para sa mga naturang opisyal o empleyado, kaugnay ng at kung ihahambing sa mga kontribusyong ginagawa ng Lunsod para sa naturang layunin, ay hindi dapat lumampas sa ratio na tatlo (3) para sa mga naturang opisyal at empleyado sa walo (8) para sa Lunsod. Gayunpaman, ang nabanggit na tadhana ay hindi nalalapat sa anumang kontribusyong iniaatas para sa o dahil sa anumang naunang serbisyo o naunang benepisyo ng serbisyo, o sa anumang kontribusyong kinakailangan para sa o dail sa pagiging miyembro sa Pederal na Programa ng Seguro para sa Matatanda at Pagiging Survivor o anupamang Pederal na programa sa seguro o pagreretiro o dahil sa mga benepisyong ibinibigay ng anumang naturang programa.

(c) PAGIGING ANGKOP SA AKTUWARYO. Ang anumang plano o sistema sa pagreretiro na itinakda para sa mga opisyal o empleyado ng Mga Kagawaran ng Pulisya o Bumbero ay dapat angkop sa aktuwaryo; at pagkatapos nito ay dapat kumuha ng ulat ukol sa aktuwaryo sa mga pagitang hindi lalampas sa limang (5) taon.

(d) MGA KAHULUGAN. Ayon sa paggamit sa Seksyong ito, nangangahulungan ang "serbisyo" na serbisyo ayon sa tinukoy sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito sa Paksa 5 ng Bahagi 3A ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José; at nangangahulugan ang "huling kabayaran" na huling kabayaran ayon sa tinukoy sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito sa Paksa 1 ng Bahagi 3A ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José, maliban pagdating sa mga opisyal at empleyado na sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito ay mga miyembro ng Plano sa Pagreretiro ng Kagawaran ng Pulisya at Bumbero na itinakda ng Bahagi 3 ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José, ang "huling kabayaran" ay dapat na

ituring na nangangahulugang ang average na buwanang bayad na natatanggap ng sinupamang naturang opisyal o empleyado sa loob ng tatlong (3) taon bago ang ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> kahilingan para sa pagreretiro. Gayundin, ayon sa paggamit sa Seksyong ito, nangangahulugan ang "may kapansanan" na ang pagkakaroon ng kapansanan, na parang malapit nang mamatay, na permanente ang tagal, na nagresulta mula sa pinsala o sakit, na dahilan upang hindi maipagpatuloy ng opisyal o empleyado ang mahusay na paggawa ng mga responsibilidad at isakatuparan ang mga tungkulin at gampanin ng ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> katungkulan o posisyon at ng anupamang katungkulan o posisyon na nasa parehong klasipikasyon ng mga katungkulan o posisyon kung saan maaaring ialok ng Lunsod na ilipat ~~siya~~ <u>sila</u>; sa kundisyong ang naturang kapansanan ay dapat ituring na may permanenteng tagal kung mapag-alaman ng Lunsod o ng alinman sa mga awtorisado nitong ahensiya na ang naturang kapansanan ay magpapatuloy nang kahit man lang hanggang makaabot ang may kapansanang tao sa edad na limampu't limang (55) taong gulang.

(e) IBA PA. Maliit lang ang mga benepisyong tinukoy rito sa itaas; at ang Konseho, sa pagpapasiya nito, ay maaaring magbigay ng mga mas malaki o karagdagang benepisyo. Dapat ay hindi ituring na obligado ang Lunsod, dahil sa alinman sa mga tadhana sa itaas, na patuloy na kunin sa trabaho ang sinumang tao o mga tao hanggang maging kuwalipikado o humiling ~~siya~~ sila ng anumang benepisyo sa pagreretiro. Gayundin, sa kabila ng anumang salungat dito na nasa itaas, ang anumang allowance sa pagreretiro ay maaaring wakasan at kanselahin kung ang taong nararapat sana rito ay nakagawa ng kataksilan sa bayan o pinatawan ng mabigat na kasalanan.

(f) MGA TAONG HINDI KASAMA. Ang mga tadhana ng Seksyong ito ay hindi dapat ilapat sa sinuman sa mga sumusunod na tao, hindi rin kasama ang mga taong iyon sa paglalapat ng mga tadhana sa itaas, na siyang: Sinuman at lahat ng taong binanggit sa itaas o tinukoy sa Seksyon 1501; ang mga opisyal o empleyado na ang mga pangunahing tungkulin ay tagapagpatakbo ng telepono, klerk, stenographer, kalihim, makinista o mekaniko; at anuman at lahat ng iba pang opisyal o empleyado na ang mga pangunahing tungkulin o gampanin ay hindi malinaw na kabilang sa saklaw ng serbisyo ng aktibong tagapagpatupad ng batas o serbisyo ng pagpatay at pag-iwas sa sunog kahit na ang naturang opisyal o empleyado ay nasa ilalim ng paminsan-minsang tawag o paminsan-minsang tinatawag upang magsagawa ng mga tungkulin o gampanin nasa saklaw ng serbisyo ng aktibong tagapagpatupad ng batas o serbisyo ng aktibong

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

pagpatay o pag-iwas sa sunog, hindi kasama ang mga taong nagtatrabaho at kuwalipikado bilang patrol ng pulisya o nasa katumbas o mas mataas na ranggo sa kagawaran ng pulisya sa alinmang tungkulin sila itinalaga, o mga taongnagtatrabaho at kuwalipikado bilang mga bumbero, tagapag-alaga ng hose o nasa katumbas o mas mataas na ranggo sa kagawaran ng bumbero sa alinmang tungkulin sila itinalaga. Gayundin, ang mga tadhana ng Seksyong ito ay hindi dapat ilapat sa sinumang tao o mga tao na nagretiro na sa serbisyo sa Lunsod bago ang petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito.

Seksyon 38. Na amyendahan ang Seksyon 1505 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1505. Pinakamaliit na Mga Benepisyo para sa Mga Opisyal at Empleyado Maliban sa Mga Miyembro ng Mga Kagawaran ng Pulisya o Bumbero.**

Dapat ibigay ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, ang mga sumusunod na pinakamaliit na benepisyo para sa lahat ng opisyal at empleyado ng Lunsod maliban sa mga ibinukod pagkatapos nito mula sa paglalapat ng Seksyong ito.

(a) PAGRERETIRO SA SERBISYO. Ang isang opisyal o empleyado ng Lunsod, maliban sa hindi isasama pagkatapos nito, ay dapat magkaroon ng karapatan, kapag hiniling ~~niya~~ nila, na magretiro mula sa serbisyo sa Lunsod at tumanggap sa panahon ng naturang pagreretiro hanggang sa ~~kaniyang~~ kanilang pagkamatay ng taunang allowance sa pagreretiro na katumbas ng dalawang porsiyento (2%) ng ~~kaniya~~ kanilang "huling kabayaran," na tutukuyin pagkatapos nito, sa bawat taon ng ~~kaniyang~~ kanilang unang dalawampu't limang (25) taon ng serbisyo, na tutukuyin pagkatapos nito, at isang porsiyento (1%) ng naturang huling kabayaran sa bawat taon ng ~~kaniyang~~ kanilang serbisyo na lalampas sa dalawampu't limang (25) taon, sa ilalim ng pinakamalaking walumpu't limang porsiyento (85%) ng naturang huling kabayaran, kung magagawa ~~niyang~~ nilang:

(1) Kumpletuhin ang dalawampu't limang (25) taon o higit pa ng "serbisyo," na tutukuyin pagkatapos nito, at nakaabot, habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, sa edad na limampu't limang (55) taong gulang o higit pa; o

(2) Makaabot, habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, sa edad na pitumpu ng (70) taong gulang o higit pa

anumang ang ~~kaniyang~~ kanilang mga taon ng serbisyo.

(b) PAGRERETIRO DAHIL SA KAPANSANAN. Ang isang opisyal o empleyado ng Lunsod, maliban sa hindi isasama pagkatapos nito, na nakakumpleto ng sampung (10) taon ng “serbisyo,” na tutukuyin pagkatapos nito, at “may kapansanan,” ayon sa pagtukoy rito sa naturang termino, habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, at nag-apply para sa pagreretiro dahil sa kapansanan habang hinahawakan ang naturang katungkulan o trabaho, ay dapat magkaroon ng karapatan, kapag hiniling ~~niya~~ nila, na magretiro mula sa serbisyo ng Lunsod dahil sa naturang kapansanan, at tumanggap pagkatapos nito, sa panahon ng naturang kapansanan, ng buwanang allowance sa pagreretiro dahil sa kapansanan na katumbas ng halagang ibinibigay para sa buwanang allowance sa pagreretiro dahil sa kapansanan sa Paksa 16 ng Bahagi 4 ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José ayon sa isinasaad sa naturang Paksa at Kabanata sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito.

(c) MGA KONTRIBUSYON. Ang mga kontribusyong iniaatas na ibigay ng mga opisyal at empleyado ng Lunsod, maliban sa mga hindi isasama pagkatapos nito, sa anumang pondo, sistema o plano sa pagreretiro para sa o dahil sa kasalukuyang serbisyo o kasalukuyang mga benepisyo ng serbisyo ng o para sa mga naturang opisyal o empleyado, kaugnay ng at kung ihahambing sa mga kontribusyong ginagawa ng Lunsod para sa naturang layunin, ay hindi dapat lumampas sa ratio na tatlo (3) para sa mga naturang opisyal at empleyado sa walo (8) para sa Lunsod. Gayunpaman, ang nabanggit na tadhana ay hindi nalalapat sa anumang kontribusyong iniaatas para sa o dahil sa anumang naunang serbisyo o naunang benepisyo ng serbisyo, o sa anumang kontribusyong kinakailangan para sa o dail sa pagiging miyembro sa Pederal na Programa ng Seguro para sa Matatanda at Pagiging Survivor o anupamang Pederal na programa sa seguro o pagreretiro o para sa o dahil sa anumang benepisyong ibinibigay ng anumang naturang programa.

(d) MGA KAHULUGAN. Ayon sa paggamit sa Seksyong ito, nangangahulugan ang “serbisyo” na lahat ng serbisyo kung saan may karapatang bigyan ng kredito ang isang opisyal o empleyado sa ilalim ng mga tadhana ng sistema ng pagreretiro na itinakda ng Bahagi 4 ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José ayon sa isinasaad sa Bahagi 4 sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito; at nangangahulugan ang “huling kabayaran” na huling kabayaran ayon sa tinukoy sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito sa Paksa 1 ng Bahagi 4 ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong

Munisipal ng San José. Gayundin, ayon sa paggamit sa Seksyong ito, nangangahulugan ang “may kapansanan” na ang pagkakaroon ng kapansanan, na parang malapit nang mamatay, na nagresulta mula sa pinsala o sakit, na dahilan upang hindi maipagpatuloy ng opisyal o empleyado ang mahusay na paggawa ng mga responsibilidad at isakatuparan ang mga tungkulin at gampanin ng ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan o posisyon at ng anupamang katungkulan o posisyon na nasa parehong klasipikasyon ng mga katungkulan o posisyon kung saan maaaring ialok ng Lunsod na ilipat ~~siya~~ sila.

(e) IBA PA. Maliit lang ang mga benepisyong tinukoy rito sa itaas; at ang Konseho sa pagpapasiya nito, ay maaaring magbigay ng mga mas malaki o karagdagang benepisyo. Dapat ay hindi ituring na obligado ang Lunsod, dahil sa alinman sa mga tadhana sa itaas, na patuloy na kunin sa trabaho ang sinumang tao o mga tao hanggang maging kuwalipikado o humiling ~~siya~~ sila ng anumang benepisyo sa pagreretiro. Gayundin, sa kabila ng anumang salungat dito na nasa itaas, ang anumang allowance sa pagreretiro para sa serbisyo o kapansanan ay maaaring wakasan at kanselahin kung ang taong nararapat sana rito ay nakagawa ng kataksilan sa bayan o pinatawan ng mabigat na kasalanan.

(f) MGA TAONG HINDI KASAMA. Ang mga tadhana ng Seksyong ito ay hindi dapat ilapat sa sinuman sa mga sumusunod na tao, hindi rin kasama ang mga taong iyon sa paglalapat ng mga tadhana sa itaas, na siyang: Sinuman at lahat ng taong binanggit o tinukoy sa Seksyon 1501; at sinuman at lahat ng opisyal at empleyado sa Kagawaran ng Pulisya at Kagawaran ng Bumbero ng Lunsod; sinumang tao o mga taong nagretiro na sa serbisyo sa Lunsod bago ang petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito; at sinuman at lahat ng tao kung kanino hindi nalalapat, sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito, ang mga tadhana ng Paksa 15A ng Bahagi 4 ng Kabanata 9 ng Artikulo II ng Kodigong Munisipal ng San José, gaya ng nakasaad rito sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito.

Seksyon 39. Na amyendahan ang Seksyon 1604 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1604. Pag-aalis ng Tagapamahala ng Lunsod.**

Nakalaan sa mga manghahalal ng Lunsod ang kapangyarihang alisin sa ~~kaniyang~~ kanilang katungkulan ang taong humahawak ng posisyon ng Tagapamahala ng Lunsod. Ang mga tadhana ng Kodigo sa mga Halalan ng Estado ng California na

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

sumasaklaw sa pagpapaalis sa katungkulan ng mga humahawak ng mga inihalal na katungkulan ng mga lunsod, ayon sa pag-iral ng mga ito ngayon o maaaring susugan pagkatapos nito, ay dapat ilapat, basta't hindi salungat sa Saligang-batas na ito ang mga iyon, sa pag-aalis sa ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> katungkulan ng taong humahawak sa posisyon ng Tagapamahala ng Lunsod, kagaya sa kung ang posisyon ng Tagapamahala ng Lunsod ay isang inihahalal na katungkulan; sa kundisyong:

(a) Upang simulan ang mga paglilitis para sa paggamit ng naturang kapangyarihan, ang petisyon ay dapat lagdaan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod na katumbas sa bilang ng kahit man lang katulad na porsiyento ng bilang ng mga taong kuwalipikadong bumoto alinsunod sa huling ulat ng pagpapparehistro na inihain ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na nailimbag ang paunawa ng layon na palaganapin ang petisyon, ayon sa kinakailangan para sa mga petisyon sa pagpapaalis sa katungkulan sa ilalim ng mga tadhana ng subseksyon (c) ng Seksyon 1603 ng Saligang-batas na ito.

(b) Kung mababakante ang puwesto sa katungkulan ng Tagapamahala ng Lunsod pagkatapos maghain ng petisyon sa pag-aalis, hindi kailangang magsagawa ng halalan;

(c) Hindi dapat magkaroon ng nominasyon ng mga kandidato na papalit sa nanunungkulan sa kaganapang inalis sa katungkulan ang nanunungkulan. Kung inalis ang nanunungkulan mula sa ~~kaniyang~~ <u>kanilang</u> katungkulan alinsunod sa mga tadhana ng Seksyong ito, dapat magtalaga ng papalit ang Konseho.

Walang taong inalis sa katungkulan ng Tagapamahala ng Lunsod alinsunod sa mga tadhana ng Seksyong ito ang dapat na italaga ulit dito sa loob ng apat (4) na taon mula sa at pagkatapos ng petsa ng naturang pag-aalis.

<u>Seksyon 40.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1704 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1704. Mga Kahulugan.**

Maliban kung hindi iniaatas ng mga tadhana ng konteksto, ayon sa ginagamit sa Saligang-batas na ito:

(a) Ang “dapat” ay mandatoryo at ang “maaari” ay nagpapahintulot;

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

(b) Ang “Lunsod” ay ang Lunsod ng San José at ang “kagawaran,” “lupon,” “komisyon,” “ahensiya,” “opisyal,” o “empleyado” ay isang kagawaran, lupon, komisyon, ahensiya, opisyal o empleyado, ayon sa kaso, ng Lunsod ng San José;

(c) Ang “Konseho” ay ang Konseho ng Lunsod ng San José;

(d) Ang “miyembro ng Konseho” ay tumutukoy sa sinuman sa isa sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde;

(e) Ang “County” ay ang County ng Santa Clara;

(f) Ang “Estado” ay ang Estado ng California;

(g) Ang “Pahayagang may malawak na sirkulasyon sa loob ng Lunsod” ay tinutukoy sa Seksyon 6000 ng Kodigo ng Pamahalaan ng Estado ng California;

(h) ~~Kabilang sa kasariang panlalaki ang pambabae at neuter.~~ <u>Nilalayon ng Saligang-batas na ito na maging neutral sa kasarian. Ang mga pangmaramihang panghalip ay dapat ituring na mga pang-isahang panghalip kapag kinakailangan sa konteksto.</u>

(i) “Ang mga Hinirang ng Konseho” ay ang Tagapamahala ng Lunsod, ang Abugado/Abugada ng Lunsod, ang Klerk ng Lunsod, ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at ang Tagasuri ng Lunsod.

<u>Seksyon 41.</u> Na amyendahan ang Seksyon 1805 ng Saligang-batas ng Lunsod upang isaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1805. Mga Paglilipat, Atbp.**

Kung dahil sa Saligang-batas na ito ay inilipat ang lahat o halos lahat ng mga tungkulin o trabaho ng anumang posisyon o trabahong nasa Klasipikadong Serbisyo sa ilalim ng mga tadhana ng naunang Saligang-batas mula sa isang kagawaran o opisina patungo sa isa pang kagawaran o opisina, sa kaganapang iyon, maliban kung iba ang sinasabi ng Konseho, ang mga naturang Klasipikadong posisyon o trabaho ay dapat na ituring na inilipat sa bagong kagawaran o opisina at ang mga taong humahawak sa mga naturang posisyon o trabaho sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito ay dapat patuloy na hawakan ang mga naturang posisyon o trabaho at isakatuparan ang mga tungkulin at trabaho nito sa bagong kagawaran o opisina, sa ilalim ng naturang pag-aalis, pangangasiwa at pagkontrol ayon sa ipinagkakaloob sa ibang bahagi ng Saligang-batas na ito. Kung,

*TANDAAN: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*

sa paglilipat o pagkatapos ng paglilipat ng Saligang-batas na ito ng mga naturang tungkulin o trabaho ng mga naturang Klasipikadong posisyon o trabaho patungo sa isa pang kagawaran o opisina, itinigil ang mga naturang posisyon at gumawa ng mga bago o nirebisang Klasipikadong posisyon, ang mga taong humahawak sa mga orihinal na posisyon ay dapat na ituring na kuwalipikado para sa paglilipat o paghirang sa, at maaaring ilipat o hirangin sa, mga bago o nirebisang posisyon, nang walang eksaminasyon o karagdagang pagsunod sa anumang regulasyon ng Serbisyong Sibil na sumasaklaw sa mga paglilipat o paghirang, kung ang mga tungkulin o trabaho rito ay may malaking pagkakatulad sa o kasama sa mga tungkulin o trabaho ng mga dati nilang posisyon o trabaho.

Kung dahil sa Saligang-batas na ito ay inilipat ang alinman sa posisyon o trabahong nasa Hindi Klasipikadong Serbisyo sa ilalim ng mga tadhana ng naunang Saligang-batas mula sa isang kagawaran o opisina patungo sa isa pa at pagkatapos nito ay itinalaga sa naturang bagong kagawaran o opisina sa Klasipikadong posisyon sa bagong kagawaran o opisina, sa kaganapang iyon, maliban kung iba ang sinasabi ng Konseho, ang taong humahawak sa orihinal na hindi Klasipikadong posisyon o paghirang ay dapat na ituring na kuwalipikado para sa paglilipat o paghirang sa, at maaaring ilipat o hirangin sa, bagong Klasipikadong posisyon kung saan inilipat o hinirang ang alinman sa ~~kaniyang~~ kanilang mga dating tungkulin o trabaho, nang walang eksaminasyon o karagdagang pagsunod sa anumang regulasyon ng Serbisyong Sibil na sumasaklaw sa mga paglilipat o paghirang, kung ang mga tungkulin o trabaho ng bagong Klasipikadong posisyon ay may malaking pagkakatulad sa o kasama sa mga tungkulin o trabaho ng mga dati ~~niyang~~ nilang posisyon o trabaho.

Ang sinumang taong inilipat alinsunod sa mga naunang tadhana ng Seksyong ito mula sa Klasipikado o Hindi Klasipikadong posisyon o trabaho sa isang kagawaran o opisina patungo sa isang Klasipikadong posisyon o trabaho sa isa pang kagawaran o opisina ay dapat magkaroon ng katayuang wala sa probasyon sa klasipikasyon kung saan kabilang ang naturang bagong posisyon o trabaho alinsunod sa Saligang-batas na ito kung isinasakatuparan ng naturang tao ang mga tungkulin ng naturang posisyon, trabaho o klasipikasyon sa loob ng hindi bababa sa anim (6) na buwan bago ang petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito; ngunit kung wala pang anim (6) na buwan na isinasakatupan ng naturang tao sa petsa ng pagkakabisa ng Saligang-batas na ito ang mga naturang tungkulin, dapat ~~siyang~~ silang magkaroon ng katayuang nasa probasyon sa bagong klasipikasyon at makakakuha lang ng katayuang wala sa probasyon kung at kapag lang ~~siya~~ sila ay makakakumpleto ng anim (6) na buwan ng nasabing serbisyo sa nasabing posisyon, trabaho o klasipikasyon.

*TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.*